# Mga Tagubilin Ni Gabriel Kay Daniel

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Magandang umaga, mga kaibigan. Napakainit po, na makaparito sa tabernakulo sa umagang ito, pero napaka maluwalhati naman na makaparito. Lubos-lubos ang kagalakan ko na nakaparito tayo—nakaparito tayo ngayong araw na ito para sa gawain. At naipabatid na may pag-aaral ako rito patungkol sa *Pitumpung Sanlinggo Ni Daniel*. Na umuugnay sa iba pa sa Mensahe bago ako dumako sa—sa Pitong Tatak. Na ang, Pitong Tatak; Pitong Salot; Pitong Pakakak; Tatlong Pagkaaba; ang babaing nadaramtan ng araw; pagpapatapon sa pulang diyablo; ang sandaan at apatnapu't apat na libong tinatakan; na mangyayaring lahat sa pagitan ng panahong ito. At naisip ko na talakayin muna ito.

2 Ngayon, mainit po. Di natin babalakin na manatili nang matagal, hangga't maaari. At ito 'yung panahon, kadalasan, na walang simba kadalasan, na ang mga tao'y hindi madalas na nakakasimba. At, lalong-lalo na, at lahat sila'y may mga silid na naka-aircon, at kung ano pa, kung saan kumportable. Kung mayroon lang sana tayong ganun, pero sa ngayon ay wala pa.

3 Marami sa mga ninuno natin ang naupo noon sa init ng araw. Kapag naiisip ko na humingi ng paumanhin sa mga tao dahil walang aircon ang silid, ang isip ko'y bumabaling dun sa Aprika kung saan nauupo sila roon sa gitna ng bagyo, at 'yung mga kababaihan na ang mga buhok ay nakalaylay sa harap ng kanilang mukha, naroon sila parehong araw at gabi, hindi umaalis sa puwesto na kinauupuan nila; ni hindi kumakain, umiinom, wala, haya't nananatili mismo roon para saluhin ang Salita, o dalawa, ngayon at pagkatapos, ng Panginoon.

4 Naiisip ko ang Mexico kung saan mainit, sa totoo lang, ako nga'y nasa loob na ng de aircon na silid at sinusubukan ko pa ring paypayan ang aking sarili, grabe pong kainit. At ang makita ang mga tao na nagsipunta sila roon ng alas nuwebe ng umaga, sa malaking arena, at walang upuan, para maupuan. Ang mga taong may sakit, malubha ang sakit, naghihingalo, may sakit; kanser, tumor; at mga nanay na may sakit, munti't, naghihingalong mga sanggol at lahat, nakatayo roon sa gitna ng sumusulak na mainit na araw, walang silong sa kung saan man, at nakadantay sa isa't isa mula alas nuwebe ng umaga hanggang alas nuwebe ng gabi, para makapakinig mismo nang tatlumpung minuto mula sa interpreter, at masaksihan ang mga kilos ng Panginoon. Nanatili roon at naghihintay, na ang damit

ay makakapal at mabibigat, ’yun ’yung suot nila mapa-taglamig at tag-init man. Yun lang kasi ang mayroon sila.

5 At hetong naiisip ko ang mga nakaratay dun sa gubat, kung papaanong dinadala nila ang mga maysakit na ’yun, na mga di na makagalaw. At sa India, haya’t isasalansan nila ang isa, tapos isasalansan ang isa pa sa isang ’yun, halos patong-patong mismo, nang paganoon, na may ketong at mga sakit; kung saan hila-hila nila sila, at doon sa labas mismo sa may kalsada, at inilalapag sila sa mainit, na sumusulak, na tropikong araw. Sa mga bagyo, at kidlat at pagkidlat, at mga bagay na gaya nun, sila’y nakaratay dun sa araw na ’yun at bagyo, at lahat, at di umaalis ng puwesto o nagrereklamo man, sadyang . . . haya’t nagsusumikap na makarinig ng Salita ng Diyos, ngayon at pagkatapos, bagay na para sa kanilang kaluluwa. Kaya bakit tayo hihingi ng paumanhin sa umagang ito, samantalang may bubong tayo sa ibabaw ng ulunan natin, at umaandar ang mga bentilador? Dapat tayong mahiya kung magrereklamo pa tayo tungkol dito.

6 Haya’t naalala ko di pa katagalan, sa isang isla, isa sa mga isla sa Timog Karagatan, magdadaos ako ng gawain isang gabi. At, oh, dumating ang isang bagyo. Oh, di pa ako nakakakita ng ganoong bagyo noon, talagang sunud-sunod ’yung pagkidlat, buong lalawigan ’yung kinikidlatan. At ’yung hangin nga’y sobrang lakas na ’yung mga punongkahoy ay napapadapa sa lupa. Sabi ko, “Buweno, ang mga tao’y . . . Siguro’y hubarin ko na itong amerikana ko, dahil sa malamang walang darating na dadalo dun.”

7 Ilang saglit lang may humintong munting kotse sa harapan ng pinto, at may kumatok sa pinto, nakahanda na silang ihatid ako noon.

Tapos sabi ko sa binata, nakakapagsalita siya ng Ingles, sabi ko, “May mga tao ba roon?”

Sabi, “Di nga po kayo makalalapit ng sangbloke ng siyudad doon sa lugar,” sa malaking palaruan ng beysbol dun.

Tapos sabi ko, “Ang ibig mong sabihin ang mga tao ay—ay nagpunta kahit ganito,” sabi ko, “ganito na may bagyo?”

Sabi nila, “Gusto nilang makapakinig tungkol sa Diyos.”

8 At—at kaya nagpunta ako roon. At may mga kababaihan, kabataang babae, disi ang edad, hindi nga sila humahagikgik o nagtatawanan, at di panguya-nguya ng gum, at di nakikipag kuwentuhan tungkol sa kanilang kasintahang lalaki. Bawat Salita, sila mismo’y naglulumagak Dito; at di umaalis ng puwesto, talagang nakaupo lang at nakikinig. Nung tumawag ako ng pagdulog sa altar, pagtawag ko ng pagdulog sa altar, at libo-libo ang nagsitayuan, na may mga luhang tumutulo sa kanilang mga mata na gaya n’yan, na ang mga kamay ay

nakataas sa Diyos, nag-aasam ng kahahabagan para sa kanilang kaluluwa, mga kabataang babae't kabataang lalaki, labimpito, labing-walong taong gulang. Ngayon parang napaka hirap na dalhin ang matatanda sa pakikinig, kita n'yo. Ipinapakita lang n'yan—lang n'yan na wala tayong dapat ireklamo. Salamat sa Diyos! Siyanga, po.

9 Gusto nating maging moderno tulad ng iba pa sa Amerika, pero wala nga tayo ng mga bagay na 'yun; kaya pagtiyagaan na lang natin kung anong mayroon tayo.

10 Ngayon, may munting bagay ako rito na napansin ko na gusto kong gawin sa tabernakulo uli. Ilan po ang may dalang Biblia? Itaas n'yo ang kamay n'yo. Mabuti. Bumuklat po tayo sa Mga Awit 99 bago tayo manalangin. Ginagawa natin ito dati, Kapatid na Neville, mga taon na rin ang nakararaan. Di ko lang alam kung. . .Nakapagbasa na ba kayo ng Awit ngayong umaga? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Hindi pa."—Pat.] Hindi pa. Sige't gusto kong, ang kongregasyon, ay basahin ang ilang bahagi ng Awit.

11 Itong umaga, habang nakaupo ako sa silid-aralan ko, na binubulay itong Mensahe at Salita, naisip ko, "Alam mo, mainam nga na—na ang mga tao'y lahat sila'y pagbasahin ng Awit. Gustung-gusto ko 'yun."

Ang dahilan po kung bakit ako naatrasado nang kaunti, may malayuang-distansyang tawag sila para sa akin, mula Cheyenne, kaya 'yun ang dahilan at naatrasado ako.

12 At ngayon, habang bumubuklat tayo sa Awit, may ilang pabatid lang po ako rito, na ipinasa sa akin. Sige't sa Mga Awit 99.

13 "Mula ngayon, ang lahat ng mga pabatid patungkol sa mga pagtitipon dito sa tabernakulo, at malakihang mga gawain, ay manggagaling sa opisina ng Jeffersonville. Sinuman na nais malaman ang mga pagtitipon ay kailangang magpalista, o ibigay ang kanilang pangalan at tirahan, at ilapag sa pulpito sa pagsasara ng gawain mamayang gabi. May abiso na ipadadala sa inyo bago 'yung iskedyul para kayo'y makapaghanda na makadalo sa mga pagtitipon."

Yan po'y, kung mayroon sa hinaharap na gustong malaman kung saan kami pupunta't magdadaos ng mga pagtitipon, may sistema kami na inilagay, sa opisina diyan ngayon, na ilalagay n'yo lang ang pangalan at tirahan n'yo rito. Tapos padadalhan namin kayo ng card, bago pa 'yung iskedyul, para alam n'yo kung saan gaganapin ang mga pagtitipon, at kung ano marahil ang mga paksa, at kung ano pang mga nilalaman, kung may pagkakataon po kayo. Kita n'yo, kung wala kasing opisyal na pinanggagalingan, sasabihin ng isa *ganito* at sasabihin ng isa pa *ganoon*, di n'yo—di n'yo tuloy nakukuha nang tama, kita n'yo. Kaya sige po. . .Isulat n'yo ang pangalan at tirahan n'yo

at ilapag ’yun dun, at kukunin ’yun ni Billy Paul at ipamimigay ang card.

14 Ngayon, tinanong, din, kung magkakaroon pa ng mga. . . “Kapatid na Branham, magkakaroon ka pa ba ng ilang mga gawain ng pagpapagaling sa tabernakulo, na may espirituwal na mga pagkilala?” Hindi. Hindi. Ang mga espirituwal na pagkilala’y ibibigay ng—ng kabila nating lupon. Narito sa atin si Kapatid na Neville ngayon na may kaloob ng propesiya, na nagpropropesiya sa mga maysakit at sinasaysay sa kanila ang mga bagay-bagay na kailangan nilang malaman. At mayroon tayong kapatid na nagngangalang Higg-. . .Higginbotham, isa sa. . .naging tagapangasiwa, nagsilbi nang tapat sa lupon. Di ko siya nakikita ngayong umaga, pero sa tuwina’y may kaloob siya ng pagsasalita ng iba’t ibang wika. At may munti rin tayong binibini na nagngangalang Arganbright, kalugud-lugod na kapatid na babae na may kaloob naman ng pagbibigay ng interpretasyon sa pagsasalita sa iba’t ibang mga wika.

15 At ang mga mensaheng ito’y napapatunayan mismo na sa Diyos, dahil talagang hindi ito nalilihis sa kaayusan, talagang nakalagay sa ayos. At sa oras na magsimulang dumami ang mga kaloob na ito, susubukan natin na—na kunin ang. . . dalhin ito sa kaayusan sa loob ng iglesya, sa paraan ng pagsasagawa rito. At aantabayan ko ang mga ito sa lalong madaling panahon, at nang sa gayon ang—ang mga—ang mga pagtitipon ay madaos nang ganap na nasa kaayusan ng Panginoon, sa abot ng magagawa natin ito nang ganap.

16 Haya’t ang mga kalugud-lugod na mga taong ito, sabi nga ng kapitbahay ko, si Gng. Wood, na may mikropono na nakakabit dito, at may teyp diyan sa likuran, para iteyp ang pagtitipon, na sadyang sinasagap ang mga mensaheng ito, at isinusulat, para makita kung ang mga ito’y tama o hindi. Kita n’yo? Ganoon nga niya ito sinisiyasat. Kilala ko si Gng. Wood na siya’y tapat na babae. At sinasabi niya sa’kin ang maraming mga bagay na nasalita, na nangyayari mismo.

17 Ngayon, ang laki ng pasasalamat natin dahil diyan. Anong laking kagaanan ito sa akin sa tahanan! Sa pag-uwi ko, kung ganoon. . .Talagang nakararamdam ako ng pagod sa pagtalos na ’yun sa panig ng pagpropropesiya, at, kaya naman, ang Diyos ay nagpadala sa akin ng kagaanan dahil dun, sa pamamagitan ng mga pagpropropesiya, at pagsasalita sa iba’t ibang wika, at interpretasyon nito, na maituturing na pagpropropesiya. Na, pagpropropesiya, ang makapagsalita sa iba’t ibang wika. May dalawang uri ng tao na nagpropropesiya. Ang isa’y ang nagsasalita, at ’yung isa ang nakauunawa sa kung ano ang sinalita nung isa sa di-kilalang mga wika, ’yun nga’y pagpropropesiya mismo. At ngayon tayo po’y. . .Mayroon tayo n’yan araw-araw, bawat pagtitipon dito kapag nagpapapila tayo para sa pananalangin sa pagtitipon.

18 Ngayon, may isa na marahil magtatanong nito, mayroon na nga. . . tungkol sa kaloob. Opo, mayroon pa rin ako nito. Pero ang paraan po, ang tanging paraan na ginagamit ko ito, ay sa mga pribadong panayam, na nagkakaroon ako. At, para kayo'y mapaunlakan, sa palagay ko ay nakapaskil 'yan sa paskilan diyan sa likod, kung paano kumuha ng pahintulot at magtakda ng inyong iskedyul, kay Billy Paul, ang aking anak, dito man o sa mga pagtitipon pagkatapos nito. Sa labas man, saan man po, kailangan may munting card kayo na ibibigay sa inyo ni Billy Paul. Kung may bagay sa buhay na di n'yo maunawaan, at di n'yo alam kung paano makaaalpas mula rito, at hinahanap n'yo ang karunungan ng Panginoon, kung ganoon ay. . . Kayo po'y makipagkita kay Billy Paul, na anak ko, na katulungan ko, at bibigyan niya kayo ng maliit na card, at iiskedyulan niya kayo ng petsa, at oras.

At pagkatapos kapag isinasagawa na natin 'yung mga panayam, 'yun nga 'yung mauupo tayo, kayo lang at ako. At kung babae po, papasok kayo roon kasama ko't ang aking maybahay. At pagkatapos kayo. . . Aalamin natin, at idudulog sa Panginoon at isasangguni sa Kanya kung ano ang gagawin n'yo.

19 Ngayon, 'yung ibang, maliliit na kaso at iba pang gaya nun, ay ibibigay kina Kapatid na Neville, at Kapatid na lalaking Higginbotham, at Kapatid na babaing Arganbright, at sa iba pa na nakapagsasalita ng iba't ibang wika at nakapagsasalin nito, na mga narito sa iglesya.

20 Kaya naman, para tayong nasa paglalakbay. Sa palagay ko si Jethro 'yun, 'yung sinabi kay Moises isang araw, kita n'yo, "Kumuha tayo ng mga nakatatanda." "At hinugot ang Espiritu ng Diyos mula kay Moises at inilagay sa pitumpung mga nakatatanda na 'yun, at sila'y nagsipagpropesiya. Pero ang mga pangunahin at mabibigat na bagay ay idinudulog kay Moises at sa kanya lamang." Ngayon, di tayo si Moises, ni ang mga matatanda na ito, pero tayo lamang ay naglilingkod kay Jehovah na Diyos, kalakip ang siya ring Haliging Apoy na 'yun na pinangungunahan tayo patungo sa pangakong Lupain.

Kaya, hayan nga, opo, may iba pa't, sa mga pagtitipon at may mga interpreta-. . . Magkakaroon ng mga espirituwal na pagkilala. Mabibigyan ako nun ng pagkakataon na makapagbabad sa panalangin at pag-aaral, para sa mga araw na alam kong magkakaroon ng mga panayam, at ako'y handa para sa mga ito.

21 Ngayon tandaan n'yo, si Billy Paul Branham, ang kalihim nating panlabas, ay. . . Nariyan sa. . . Ang pabatid po'y nasa paskilan diyan sa likod, inilagay ng mga tagapangasiwa. May papel po ako rito para ianunsyo 'yan, at sabihin sa mga tao na mababasa nila ito sa paskilan ng anunsyo, sa paglabas nila.

22 Ngayon, ngayon, ngayong umagang ito may napakainam po tayong aralin, at mamayang gabi ay susubukan natin na ituloy 'yun. At, kung loobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo, ay isa pa, na tutugaygay dito. Hindi ko nga akalain na ganito pala itong kalalim hanggang nung pag-aralan ko ito. At maski ngayon ay hiwaga pa rin ito sa akin, hanggang ngayon, at kaya hetong dumedepende ako sa Panginoon.

23 Ngayon, kayo na may mga Biblia, bumuklat po tayo sa Mga Awit 99, 99. At babasahin ko ang unang talata, babasahin ng kongregasyon ang ika-2 talata, tapos sabay-sabay po tayo na babasahin ang huling talata. Bale salitan po; ako, sa una; ang kongregasyon, sa ika-2; ako, sa ika-3; ang kongregasyon, sa ika-4; hanggang sa umabot sa pinaka huling talata, at tapos babasahin nating lahat nang sabay-sabay. Sige't maaari ba tayong tumayo sa pagbabasa ng Salita ng Diyos.

> *Ang Panginoon ay naghahari; manginig ang mga bayan: siya'y nauupo sa mga querubin; makilos ang lupa.*
>
> *Ang Panginoon ay dakila sa Sion; at siya'y mataas na higit sa lahat ng mga bayan.*
>
> *Purihin nila ang iyong dakila at kakilakilabot na pangalan; siya'y banal.*
>
> *Ang lakas naman ng hari ay umiibig ng kahatulan; ikaw ay nagtatatag ng karampatan, ikaw ay nagsasagawa ng kahatulan at katuwiran kay Jacob.*
>
> *Ibunyi ninyo ang Panginoon nating Dios, at magsisamba kayo sa harap ng kaniyang tungtungan; siya'y banal.*
>
> *Si Moises at si Aaron sa gitna ng kaniyang mga saserdote, at si Samuel sa kanila na nagsisitawag sa kaniyang pangalan; sila'y nagsisitawag sa Panginoon, at siya'y sumasagot sa kanila.*
>
> *Siya'y nagsasalita sa kanila sa haliging ulap: kanilang iniingatan ang kaniyang mga patotoo, at ang* mga palatuntunan *na ibinigay niya sa kanila.*
>
> *Sumagot ka sa kanila, Oh Panginoon naming Dios: ikaw ay Dios na nagpatawad sa kanila, bagaman nanghiganti ka sa kanilang mga gawa.*
>
> *Ibunyi ninyo ang Panginoon nating Dios, at magsisamba kayo* sa *banal na bundok; sapagka't ang Panginoon nating Dios ay banal.*

24 Iyuko po natin ang ating mga ulo.

Tunay, Panginoon, ang mga Salitang ito na isinulat at ipinanulat ng Iyong lingkod, na si David, sa isang Awit na ito ay patungkol sa Iyo. Ikaw ay tunay na tumatahan sa gitna ng

mga Kerubin. Ikaw ay banal, at ang Iyong burol ay banal. Iyo pong ipahintulot na kami'y makadulog na ang mga puso'y may wisik ng Dugo ng Panginoong Jesus, kalakip ang isang dalisay na budhi, at may pananampalataya at kasiguraduhan na kami nga'y lumalapit sa Presensya ng aming Diyos. Ang mga narito na mga makikinig sa umagang ito'y magpitagan. Iyo pong buksan ang aming mga tainga ng pang-unawa. Mangusap Ka sa amin, hatid ang karunungan, nang sa gayon ay malaman namin kung paano namin iwawasto ang aming mga sarili sa mga araw na ito at sa Iyong Presensya.

25 Amin ding hinihiling sa Iyo, aming Diyos, na ihayag sa amin ang mga lihim na bagay na ito na natago ng maraming mga taon na ito, habang kami'y papadulog na sa isa sa pinaka tapat, taimtim na mga Salita. Iyo pong sinalita ito noong Ikaw ay narito noon sa lupa, at nagsabi, "Ang bumabasa, kanyang unawain." Kaya, lubos na magiliw po kaming lumalapit sa Iyo, Panginoon, at hangad ang Iyong karunungan, yamang di ko alam kung ano mismo ang ipangungusap. Iyong ilagay rito sa kaayusan ang ilang Kasulatan, at nang may kataimtiman at nang may buong pagtitiwala sa Iyo para sa kasagutan, para sa wala nang iba pang kadahilanan kundi ang mapagkilala namin ang oras na kinabubuhayan namin, nang sa gayon kami'y makapaghanda para sa malaki't dakilang mga bagay na ito na nasa hinaharap. Maaari Mo po bang ipagkaloob ito sa amin, Panginoon? Sa Pangalan Niya na Siyang nagturo sa aming lahat na kami'y nararapat na manalangin nang ganito:

> Ama namin na nasa langit, Sambahin nawa ang Pangalan Mo.
> Dumating nawa ang Kaharian Mo. Gawin nawa ang Iyong kalooban sa lupa't, kung paano sa Langit.
> Ibigay mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw.
> At ipatawad mo sa amin ang aming mga pagsalangsang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga sumasalangsang laban sa amin.
> At huwag mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama; Sapagka't Iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailan man. Siya nawa.

26 Makakaupo na kayo. Ngayon, kung may mga kalalakihan po na nais hubarin ang kanilang amerikana, malaya po kayo. At sa mga nakatayo sa palibot sa—sa gilid ng dingding, kung makaramdam kayo ng ngalay sa paa, mangyari po, na malaya kayong makakalipat.

27 At ngayon, sa tingin ko, kung ang bata po'y ibig nilang magpunta sa kanilang mga silid, o pinalabas na ba sila? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Hindi, hindi sila puwede ngayon. Hindi puwede ang mga silid ngayong umaga, dahil sa bilang ng mga nagsidalo."—Pat.] Sinasabi ng pastor na puno ng mga tao ang silid, kaya hindi tayo makapagsa-Sunday school para sa mga maliliit na bata. At ikatutuwa namin kung kayo na mga maliliit na bata ay magpapakabait sa amin, dahil itong umaga na ito na idinadaos natin, ay magpapasimula tayo ng isang dakila't, kamangha-manghang Mensahe na sigurado ako na magiging napakahalaga para sa inyong tatay at nanay, at sa mga mahal n'yo sa buhay na narito, at kahit sa mga maliliit na bata man. Kaya, pasisimulan natin ito nang may pagpipitagan.

28 Kung loobin ng Panginoon, sa umagang ito ay tatalakayin natin ang paksa na pitumpung sanlinggo ni Daniel. At sa umagang ito'y mangungusap tayo tungkol sa pagkakabihag ni Daniel, at sa pagdating ni Gabriel para bilinan siya tungkol sa hinaharap. Habang nasa pananalangin noon si Daniel, haya't si Gabriel, na Anghel, ay dumating para tagubilinan siya.

Mamayang gabi, nais ko namang mangusap tungkol sa anim na luping layunin ng Kanyang pagbisita, anim na iba't ibang paksa na ibabahagi mamayang gabi, kung ano mismo ang ipinaroon ni Gabriel.

29 Sa susunod namang Linggo, loobin ng Panginoon, nais kong ilatag ang dahilan at panahon ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya, at nasa kung anong panahon sila, at kung saan tayo nakalagak ngayon. Yan po'y sa susunod na Linggo ng umaga, loobin ng Panginoon.

30 Ngayon, ang dahilan po nito. Nagdala po ako ng ilang maiiksing tala mula sa huli kong ilang Mensahe. At ngayong umaga ay nais kong balikan 'yun at dugtungan, dahil ito po'y itineteyp sa magnetikong teyp na mapupunta sa buong mundo, sa maraming mga bansa. At, sa tuwina, ang dahilan kung bakit ko po ito binabalikan at dinudugtungan, ay marahil may isang tao na unang beses pa lang niyang makakapakinig ng teyp, at di niya maiintindihan ang ibig kong sabihin kapag babanggit ako mula sa mga nabanggit ko noon.

31 Mga ilang buwan na rin nating pinag-aaralan ngayon ang Aklat ng Apocalipsis, Ang Kapahayagan Ni Jesus Cristo. Tinugaygay na natin ang mga kapanahunan ng iglesya. Ang unang tatlong kabanata ng Apocalipsis ay ang mga kapanahunan ng iglesya. Pagkatapos si Juan ay inagaw paitaas sa ika-4 at ika-5 kabanata, at ipinakita sa kanya ang mga bagay na—na mangyayari sa hinaharap. Ngayon, sa ika-6 na kabanata, siya'y ibinaba muli sa lupa, para makita ang mga bagay na mangyayari mula sa ika-6 na kabanata, unang talata, hanggang sa ika-19 na kabanata't ika-21 talata. Dito nga'y lumitaw ang

Mga Tatak, ang Mga Salot, ang Mga Pagkaaba, ang mga balang, ang—ang babae na nararamtan ng araw, at ang pagpapatapon sa pulang dragon, ang pagtatatak sa isang daan at apatnapu't apat na libo, at lahat ng mga bagay na ito.

32 Sanlinggo nga ito ng masusing pag-aaral. Kahapon, buong araw, halos di po ako umalis ng silid, sa pagsisikap ko na mag-aral. At parang nung nakaraang beses, marami sa matatagal na rito, na nakapagturo ako sa kanila, na nabanggit ko, "Dito'y kabilang ang pitumpung sanlinggo ni Daniel," pero di ko 'yun naumpisahang dakuan, para ipaliwanag 'yun. Pero sa pagkakataon na ito, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, heto po na nagkusa ako na sikaping humiling ng biyaya sa harap ng Diyos, na magawa kong maihatid ito sa mga tao. At dito nga'y marami akong nadadaanan na mga bagay na wala po akong nalalaman maski ano sa mga ito.

33 At, mangyari po, na aking—aking binabasa ang libro ni Dr. Larkin, libro ni Dr. Smith, mga tala ni Dr. Scofield, iba't ibang komentaryo mula sa mga kalalakihan sa iba't ibang dako, at sa kabila nun ay di ko mapabunsod nang tama. Kita n'yo? Kaya, itong sanlinggong ito'y nagplano ako't, bumibisi-bisita ako sa aklatan sa Kentucky, para magsaliksik tungkol sa antigong astronomiya na mga kalendaryo't panahon, at hinihiram ko mula sa mga aklatan, at iba pa, ang lahat ng mga antigong libro na mahihiram ko, at sa kung anuman na munti kong magagawa, at inilalagak lamang nang may pagpipitagan ang aking pagtitiwala kay Jesus Cristo na ihayag ito sa akin.

Dahil, ayaw kong sabihin na, "*Ito* alam ko na, at *iyon* alam ko na." Batid Niya ang puso ko. Naririnig Niya ako. Pero asam ko nga ito, nang sa gayon ay maturuan ko ang Kanyang mga hirang, kaya naman nananampalataya ako na Kanya itong ipagkakaloob sa akin. Sa ngayon ay di ko pa alam, pero ako'y nagtitiwala sa Kanya para sa susunod na Linggo, dahil 'yun mismo ang pinaka malaking bahagi, sa susunod na Linggo, ang malaman at mailatag ang pitumpung sanlinggong 'yun.

34 Ang bawat isa'y may kanya-kanyang pagkakalatag. At kung gagawin mo, kinakailangan mo na matugaygay ang lahat na magkakalakip, na kung lalabas ang mga ito na di sakto, di nga 'yun sasakto. Hindi 'yun maaari. At, kaya naman, marahil ay di ko—di ko pa 'yun nagagawang tama, pero magtitiwala ako sa Panginoon para rito.

35 At naalala ko si Solomon isang beses na nananalangin at hinihiling sa Panginoong Diyos kung mapagkakalooban ba Niya siya ng karunungan, hindi para sa kanyang sarili, "hindi karagdagan ng mga araw, hindi mas mahabang buhay, hindi kayamanan," kundi siya'y magkamit mismo ng karunungan para malaman kung paano siya—siya—siya hahatol sa bayan ng Diyos. At kinilala ng Diyos ang panalangin na 'yun, at ibinigay

kay Solomon ang karunungan na 'yun, dahil 'yun ay para sa Kanyang bayan. At 'yan ang dahilan kung bakit hinihiling ko sa Diyos na maipaalam sa akin ang ibig sabihin ng pitumpung sanlinggong ito, dahil alam ko na 'yun ang eksakto mismong kalendaryo para sa kapanahunan na kinabubuhayan natin. At, kaya naman, gusto kong malaman 'yun; hindi para sa sarili ko, ako'y . . . hindi para sa sarili ko. Siyempre, ako man ay gusto ko rin itong malaman. Hindi ko sinasabi 'yun nang paganoon, "Na di para sa sarili ko," dahil tunay na gusto ko rin naman. Gusto kong malaman, dahil gusto kong malaman kung saan na tayo nabubuhay at kung anong panahon na ang kinabubuhayan natin. At, pagkatapos, malalaman ko na ibinigay talaga ito.

36 At may mga iba na gumawa ng pagtatantya, at ang kaso'y masyadong napaaga ang tantya nila. May isa, na nabasa ko, na ang tantya niya'y matatapos daw ang lahat ng 1919, ang pitumpung sanlinggo. Buweno, hindi ganun ang nangyari.

Kaya, matapos ang pitumpung sanlinggo, matapos ang pitumpung sanlinggo, tapos na ang lahat. Mangyari na di natin—di natin . . . Nais nating malaman ang Katotohanan. At hinihiling ko sa Diyos na ipagkaloob sa akin ang Katotohanan.

37 Ngayon, para masuportahan ito, ay babalikan, gusto kong balikan nang kaunti ang nakaraan. Kaya, heto, ang ilang mga tala na naisulat ko, na natalakay natin sa pagtugaygay sa ika-5, ika-4 at ika-5 kabanata, nang sa gayon ay maintindihan ng mga tao. Unang-una, bago natin gawin ito, gusto kong balikan uli 'yun, nang sa gayon ay makasunod kayo mula sa ika-4 . . .

Ngayon, alalahanin n'yo, ang ika-3 kabanata ay ang Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, at ang Iglesya ay kinuha pataas sa dulo ng Laodicea.

38 Ngayon, sinusubukan kong ipaliwanag ang isang bagay sa aking maybahay patungkol dito. Nagpakuha ako kay Becky, na anak kong babae, ng lahat na ng klase ng diksyunaryo't kung ano pa na maaari naming makuha. Walang ibinibigay ang mga 'yun na sagot. Haya't kinuha ko ang diksyunaryo ng Biblia. Kinuha ko ang lumang Griyegong diksyunaryo. Kinuha ko—kinuha ko ang—ang Websters at marami pang iba, ang mga modernong diksyunaryo. Wala sa mga ito ang makapagbigay man lang ng . . . makapagbigay ng kahulugan sa mga salita o ng sagot, man lang.

39 Sabi ng maybahay ko, "Paano mo maaasahan ang mga kapatiran natin, na mga mahihirap na tao, at marami sa kanila ang hindi nakapag-aral gaya natin, na maunawaan ang tulad n'yan?"

Sabi ko, "Diyos ang magbibigay ng kasagutan."

40 Kahit na gaano pang kakumplikado ito, magagawa ng Diyos na himay-himayin ito at gawin itong simple. Dahil tayo 'yung . . . isang bahagi ng mga tao na 'yun na nag-aasam, nananalangin

para sa araw na 'yun at oras na 'yun. At ang ating mga mata'y nakatuon sa Langit, at nakaantabay tayo para sa Kanyang Pagparito. At ako'y talagang nakatitiyak na ipakikita Niya sa atin. Ngayon, di man nito sinasabi sa atin ang araw o ang oras, dahil walang tao ang makaaalam nun, pero tunay nga na sinasabi nito sa atin ang araw ng sanlinggo na kinabubuhayan natin, kung makukuha lamang natin ito.

41 Ngayon, sa ika-4 na kabanata, dagliang inagaw pataas si Juan, pagkatapos ng Iglesya. Si Juan, ay pumaitaas, nakita niya ang buong kapanahunan ng Iglesya. Diyan ko gustong huminto, pansumandali, para sabihin, na: maraming tao na umaasa sa kung anong dakila, pambihirang, makapangyarihan na bagay na mangyayari, sa kapanahunan ng Gentil, ang tunay na nagkakamali. Ang kapanahunan ng Iglesya, at lahat ng magaganap sa panahon ng pananaig ng Gentil, ay nakatala mula Apocalipsis 1 hanggang Apocalipsis 3, lahat ng 'yun na nakapaloob. Pagkatapos ang Iglesya ay inagaw at dinala sa itaas, at ang iba pang bahagi nito, hanggang sa ika-19 na kabanata, ay kung ano ang mangyayari naman sa lahi ng mga Judio, matapos na ang Iglesya ay pumaitaas na. At 'yun na ang panahon ng malaking Kapighatian, walang ibang mangyayari sa pagitan ng mga Gentil; tanging pagpatay, at iba pa, haya't dadako tayo riyan maya-maya at tutugaygayin.

42 Pero ang Iglesya, Mismo, ay umalis na sa ika-13 . . . Doon sa huling talata ng ika-3 kabanata ng Apocalipsis, nung matapos ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, na siyang huli.

43 At mangyaring tinalakay na natin ang bawat kapanahunan ng iglesya, bawat panahon, bawat bagay na nangyari, bawat bituwin, bawat mensahero, ang kanilang kalikasan, ang bagay na ginawa nila, at tinugaygay 'yun sa kasaysayan hanggang sa pinaka huli mismo, iginuhit 'yun sa may larawan, sa bahaging ito ng dingding. At nung matapos natin, dumating ang Espiritu Santo sa loob at gumawa mismo ng bilog ng siya ring bagay sa dingding, at inihayag iyon sa pamamagitan ng Sarili Niya dito mismo sa harapan nating lahat.

44 Ngayon, sa pagsasagawa nito, umaasa po ako, na sa dulo nito ay darating Siya dala-dala ang isang kahanga-hangang bagay at ipakikita uli sa atin na narito na mismo tayo sa huling kapanahunan.

45 Ilan po sa inyo ang nakapakinig kay Kennedy . . . sa talumpati ni Pangulong Kennedy, ang mga komento at iba pa? Ilan po sa inyo ang nakapakinig sa prediksyon na ito, na sa a-uno ng Enero, may prediksyon na kapwa ang Estados Unidos at ang Rusya ay magiging abo na lang ng bulkan? Yun lang mismo ang kailangan natin. Huli na sa inaakala natin. Kita n'yo? Kaya, kung ganoon na lang tayong kalapit na anupa't maski ang mga kalalakihan ng mundong ito ay may prediksyon sa napakalaking

bagay na ito na mangyayari, marapat lamang na alerto tayo, haya't ang lahat ay sumasakto sa panahon, lahat ng pagsisisi ay kailangan nang magawa, nahahanda na ang lahat, dahil di natin nalalaman mismo kung anong oras na tatawagin na tayo ng Panginoon. At kapag tumawag na Siya, "Pumaitaas kayo rito," marapat lamang na handa kayo. At darating nga ito sa oras na di n'yo iniisip.

46 Humuhupa na ngayon ang dakilang Pentecostal na rebaybal. Nakikita natin 'yan sa lahat ng dako, ang huling dakilang pagkilos. Lumaganap na ang Mensahe. Ang lahat ay nahahanda na ngayon, nakaantabay. Ang Iglesya'y tinatakan na. Ang masasama ay lalo pang nagpapakasama. Ang mga kaiglesyahan ay mas lalo pang nagpapakaiglesya. Ang mga banal ay mas lalong palapit nang palapit sa Diyos. Ang mga kaloob ng Espiritu ay nagsisimula nang dumami't lumaganap sa maliliit na mga grupo. Nasa huling kapanahunan na tayo. Oh, gustung-gusto ko nga 'yung awitin na 'yun na lagi nating inaawit noon sa simbahan.

> Aking hinihintay ang mabunying kaarawan ng Milenyum na parating,
> Kung kailan ang banal nating Panginoon ay darating at ang Nobya Niyang naghihintay palayong aagawin;
> Oh, ang puso ko'y humihiyaw, nauuhaw para sa araw na 'yun nang matimyas na paglaya,
> Kapag ang Tagapagligtas nati'y magbabalik dumating dito sa lupa muli.

47 Talagang hinihintay natin ang oras na 'yun! Ngayon sa ika-5 kabanata at sa ika-5 mga talata, nakita natin, dun sa nakaraan nating pag-aaral, sa pagtalakay natin patungkol sa Kamag-anak na Manunubos, na natuklasan natin na si Cristo. Itinipo 'yun kay Ruth: si Ruth ay nagpasya; si Ruth ay naglingkod; si Ruth ay namahinga. Ang pagpapasya, ay ang pag-aaring ganap; ang paglilingkod, 'yung paghahanda niya sa kanyang sarili, ay ang pagpapaging banal; ang pamamahinga, ay 'yung sa Espiritu Santo, hanggang sa ang Hapunan ng Kasalan ay sumapit. Napakaganda!

48 Dumaan ang Iglesya kay John Wesley, pag-aaring ganap, o. . .kay Martin Luther, pag-aaring ganap; dumaan kay John Wesley, pagpapaging banal; dumaan sa Pentecostal, bautismo ng Espiritu Santo; at ngayon, namamahinga na, hinihintay ang Pagdating ng Kanyang Panginoon. Ganap na ganap!

49 Ang ating Kamag-anak na Manunubos, haya't ang mga matatanda'y tama nung tawagin nila Siya na isang Cordero, na nakahandang maging isang Leon, bilang tagahatol. Isa Siyang Cordero, alam n'yo, na taglay-taglay ang Aklat na natatatakan

ng pitong tatak. Nung kunin ang Aklat, natapos ang gawain Niya bilang tagapamagitan.

50 Ngayon, sa ika-3 kabanata, pumaitaas na ang Iglesya, pero ngayon ang pagtutubos ay ihahayag na, kung papaanong ang Iglesya ay tinubos—natubos, ang kapahayagan ng kung ano ang naganap noong kapanahunan ng Iglesya. Kita n'yo, wala na ang Iglesya, kaya ipinapakita Niya ngayon, sa ika-5 kabanata, kung papaano Niya 'yun ginawa, kung anong naganap, kung paano Niya tinatakan ang Iglesya. Ang kapahayagan tungkol sa Kanyang Pangalan; ang pagbabautismo sa tubig, gamit ang Kanyang Pangalan; ang Buhay na Walang Hanggan; na walang impyerno na Walang Hanggan; ang binhi ng serpiyente; ang kasiguraduhan na Walang Hanggan; lahat ng dakilang mga doktrina na ito, paunang pagtatalaga, ng Iglesya, na inihayag sa Iglesya. Haya't ipinapakita Niya kung papaano Niya ginawa ito.

51 Ngayon, ang ating Kamag-anak ay binigyan ng isang Aklat ng Katubusan na natatatakan ng pitong tatak mula sa orihinal na May-ari. Amen! Sino ba, sa nalaman natin, ang orihinal na May-ari? Ang Diyos Mismo. "At lumapit ang Cordero at kinuha ang Aklat mula sa kanang kamay Niya na nakaluklok sa may Trono." Sino ang Cordero na 'yun? Ang Manunubos, ang ating Kamag-anak na Manunubos, ang Kamag-anak ng Iglesya, Na dumating at tinubos ang Israel.

52 Ngayon dadako po tayo riyan sa umagang ito. Tinubos ang Israel, pero hindi 'yun pinairal sa kanila, dahil tinanggihan nila Siya. Pero, ang Iglesya'y tinanggap ang pagtutubos na ito, at Siya ang ating Kamag-anak na Manunubos. Kung papaano nga na kailangang tubusin ni Boaz si Naomi, para makuha si Ruth, ang Moabita, na isang dayuhan, isang Gentil, gayundin na tinubos ni Cristo ang Israel, pinairal dun ang pagtutubos, at tinanggihan naman.

53 Naalala n'yo 'yung pardon, na 'yung lalaki'y binaril, na minsan ay naikukuwento ko? Nung panahon ng digmaang sibil, noong. . . Ang lalaki'y isang mabuting lalaki. Wala siyang kamalay-malay, haya't ang sabi nila'y may sala siya. Gayong, sa isang banda ay may pagkakamali siya, mangyari kasing tinakbuhan niya ang tungkulin nung panahon ng labanan. At pinatawan nila siya na nagkasala at siya'y nakatakda nang barilin. At may isang lalaki na nagtungo kay Pangulong Lincoln at nagsabi, "G. Lincoln, ang binatang ito'y isang Cristianong lalaki. Natakot lang siya. Ang binatang ito, kilala ko ang angkan niya. Natakot lamang siya. Wala siyang intensyon na makapagdulot ng kung anong aberya. Tumakbo siya." Sabi, "G. Lincoln, nasa kamay n'yo po. Ikaw lamang ang nag-iisa na makapag gagawad ng pardon sa kanya."

Kumuha si G. Lincoln ng kapirasong papel at panulat niya, at pumirma, “Ginagawaran na ng pardon, si *Ganito-at-ganoon*. Abraham Lincoln.”

Ang lalaki’y kumaripas pabalik ng bilangguan, at sabi niya, “Heto na. Nakuha ko na ang paggagawad sa iyo ng pardon.”

54 Tapos ang sabi nung lalaki, “Di ko gustong tingnan ’yan. Dapat kasi’y may malaking selyo ’yan. Kung may ganoon lang sana. Tila ginagawa mo lang yata akong katawa-tawa. Hindi ’yan maaaring si Abraham Lincoln. Puwede kasing ibang tao ang pumirma ng pangalan niya. Mangyari nga na kailangan dokumentado ng selyo niya, at kung ano pa, kung tunay ngang galing sa kanya ’yan.” At sinikap ng lalaki na paniwalain siya; gayong iniisip nung lalaki sa loob ng bilangguan na nagbibiro lang ang kaibigan, at mangyari ngang lumakad na lang palayo.

Kinaumagahan, binaril na ang lalaki. At pagkatapos nung pagkakabaril sa kanya, mangyari nga na may paglilitis sa federal na korte, dahil nga si Abraham Lincoln, dalawampu’t apat na oras bago binaril ang lalaki, ay pumirma ng pangalan niya na ang lalaking ’yun ay ginawaran ng pardon. At sa kabila nun ay binaril pa rin ng gobyerno ang lalaki, ano’t anuman. Kaya naman ano na? Pagkatapos nga’y ang sabi ng federal na korte ng Estados Unidos, sabi, humantong sa desisyon na ito ang Federal na korte, sabi, “Ang isang pardon ay hindi pardon maliban na tanggapin ito bilang pardon.”

55 At tinubos ni Jesus ang Israel sa Kalbaryo. Pero hindi ’yun pardon sa kanila, dahil di nila ’yun tinanggap bilang pardon. Pero, sa ating aralin ngayon tungkol sa pitumpung sanlinggo, nasumpungan natin na bumaling sila pabalik at tinanggap ang pardon para sa kanila. Pero, tinubos nga Niya ang Iglesya, kaya naman nagawaran tayo ng pardon dahil tinanggap natin ang Dugo ni Jesus Cristo bilang ating pardon.

56 Ngayon, nasumpungan natin na Siya ang ating Kamag-anak na Manunubos, at kinuha Niya ang Aklat mula sa kamay ng orihinal na May-ari. Isa ’yung kasulatang titulo tungo sa katubusan. Nasumpungan natin ’yan. Naalala n’yo ba ang pag-aaral? Isa ’yung kasulatang titulo ng katubusan. Isa ’yung abstract na titulo na kalakip dun, na hinihiling ng Diyos ang buhay para sa kamatayan, sa halamanan ng Eden. Pagkatapos, si Jesus, ang Isa na matuwid, ay namatay at kinuha ang titulo, at nagkaroon ng kakayahan na buksan ang Mga Tatak, ihayag ang nakapaloob sa mga Iyon; at ipagkaloob ang mana, na pag-aari Niya, sa Kanyang mga hirang. Ang Buhay na Walang Hanggan, na minana Niya sa pamamagitan ng pagsasagawa nun, haya’t ipinamana Niya ang Sarili Niyang Buhay, sa may Kalbaryo, at ibinaha-bahagi ’yun sa kalagitnaan natin sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Amen! Wala ngang sinuman ang (kahit kailan)

ay nagawa na matalos kung gaano nga ba ang pag-ibig na ’yun, ang bagay na ginawa Niya!

57 Si Satanas, na minsang nagmay-ari dahil sa pagkahulog sa halamanan, ay itinali at itinapon sa Dagat-dagatang Apoy. Ang mga araw niya’y tinapos.

58 Si Jesus, sa Ebanghelyo, ay may apat na titulo. Nalaman natin ’yan. Anak ni David, tagapagmana ng Trono; Anak ni Abraham, ang kaloob na maharlika; Anak ng tao, tagapagmana ng lupa; Anak ng Diyos, tagapagmana ng lahat ng mga bagay. Ang kaloob na maharlika!

59 Sa Lumang Tipan, ang ari-arian dun noon ay di maaaring—di maaaring hawakan nang higit sa limampung taon. Hindi ’yun maaaring mapawalang-bisa mula sa orihinal na may-ari maliban na lang kung lumagpas ng limampung taon. At nung ika-apatnapung araw ay binayaran Niya ang halaga. Nung ika-limampung araw, ang katubusan at kapangyarihan na pagmamay-ari ng Iglesya, na nawaglit sa halamanan ng Eden noon, ay tinubos pabalik, at ipinadala sa atin sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, noong ika-limampung araw.

60 Tapos tinugaygay natin ito, ang balumbon ng aklat. Tinugaygay natin ’yung mga balumbon ng aklat, kung paanong ang balumbon ng aklat na ’yun ay iniabot sa Kanyang kamay. Kung papaano nga mismo si Jeremias, sa Jeremias 32:6, ang pinsan niya, na si Hanamel, ay iniwanan siya ng isang mana. At sila’y patungo noon sa pagkabihag. Na, dadakuan natin, sa pagtugaygay sa kanya, sa umagang ito: pagkabihag. At ang mana na ’yun ay nakapaloob sa isang sisidlang gawa sa lupa; ipinapakita kung nasaan na ang kapangyarihan ng Diyos, at ang mga balumbon at mga lihim ng Diyos, ay nakikilala, sa puso. Ang plano patungkol sa katubusan natin, hayan din na nakapaloob ito sa mga sisidlang gawa sa lupa, itong Pangalan ni Jesus at ang kapahayagan.

61 Nasumpungan natin na ito’y natatatakan ng Pitong Tatak, at ang bawat Tatak ay pabalumbon ang pagkakatatak. At habang ang kapahayagan ay inihahayag, hinihila Niya ang Tatak, at inaalis ’yun sa pagkakabalumbon at binabasa kung ano ang sinasabi sa Tatak na ’yun. Pagkatapos tatanggalin Niya ang kasunod, sa balumbon, at babasahin kung ano ang nakasaad dun sa Tatak na ’yun. Tatanggalin ang kasunod, hihilahin ’yun at titingnan kung ano ang nakasaad dun sa Tatak, at kung ano ang kapahayagan. Yun mismo ang Pitong Tatak na ating, na ating dadakuan maya-maya, umaasa po tayo, na madadakuan natin. Bawat Tatak, sa pagkakaalis nun mula sa Aklat, ay malalatag mula sa pagkakabalumbon, at ipakikita nun kung ano mismo ang nangyari.

62 Nasumpungan natin na may “pito,” lima sa plano ng pagtutubos. Ang bilang ay lima. At may limang pito: Pitong

Tatak, Pitong Espiritu, pitong anghel, Pitong Pakakak, at pitong kapanahunan ng iglesya. Kaya, nakita n'yo, ang limang pito na ito ay biyaya. Ang bilang na lima ay biyaya, at ang bilang na pito ay kasakdalan. Kaya sadya ngang dumadaloy ito nang ganap, kita n'yo. Buweno.

63 Mangyari, na bawat mabiyak na Tatak sa Salita ng Diyos, ay naghahayag sa tao ng kapanahunan na 'yun, kung ano na bang kapanahunan ang kinabubuhayan natin, ang espiritu ng panahong 'yun, ang iglesya sa kapanahunang 'yun. Apocalipsis 10, sa dulo, nasumpungan natin nung ang huling Tatak ay mabuksan, nakita natin ang Anghel na nakatayo na ang isang paa'y nakaapak sa lupa, at ang isang paa'y sa dagat, na ang Kanyang mga kamay ay nakataas sa Langit, at may bahaghari sa ibabaw ng Kanyang ulo, na nanumpa sa pamamagitan Niya na nabubuhay magpakailan-kailanpaman, na ang oras ay ubos na, doon sa huling Tatak. At inyo lang pong hintayin hanggang sa makadako tayo sa Mga Tatak at makikita n'yo dun kung saan naroon ang Tatak na 'yun.

Matapos na malaman n'yo ang pitumpung sanlinggo, pagkatapos nga'y tingnan n'yo kung saan naroon ang Mga Tatak, "Ubos na ang panahon," tapos na ang pagtutubos, Siya na ngayon ang Leon at ang Tagahatol. Siya'y Tagapagligtas n'yo sa umaga pang ito, pero isang araw Siya'y magiging Tagapaghatol n'yo.

64 Ang ika-8 hanggang sa una. . .ika-14 na talata ng ika-5 kabanata, ay naghahayag sa panahon para ang Cordero'y sambahin, kapwa sa Langit at sa lupa; ang Aklat na natatatakan ng pitong-tatak, ang karapat-dapat na Cordero, ang Kamag-anak na Manunubos. At mula sa ika-8 talata, hanggang sa ika-14, sinasamba Siya ng Mga Anghel, sinasamba Siya ng mga matatanda, sinasamba Siya ng mga buhay na Nilalang. At sinamba Siya maging ni Juan na anupa't sinabi niya, "Bawat nilalang sa langit, sa lupa, sa ilalim man ng lupa, ay narinig ako na nagsabi, 'Kapurihan, kaluwalhatian, kapangyarihan, karunungan, ay mapasa Cordero.'" Hayun ang panahon ng pagsamba sa Haring Cordero. Ngayon, ang Iglesya ay wala na rito n'yan, alalahanin n'yo.

65 Ngayon bumuklat po tayo sa Daniel, at sa ika-9 na kabanata, at sa una hanggang ika-3 mga talata. At pagkatapos ay kukunin natin ang ika-20 hanggang ika-27, dahil ang iba rito na nakapaloob ay ang panalangin ni Daniel. Gusto kong basahin n'yo ito nang paulit-ulit, sa buong sanlinggo, ngayon, hanggang sa makuha n'yo.

> *Nang unang taon ni Dario na anak ni. . ., sa lahi ng mga taga Media, na ginawang hari sa kaharian ng mga taga Caldea;*

*Nang unang taon* ng *paghahari akong si Daniel*. . .*-unawa, ay nakaunawa sa pamamagitan ng mga aklat* na *ang bilang ng*. . .*mga taon, na sinalita ng* Diyos *kay Jeremias na propeta, na kanyang gaganapin ng pitong pung taon sa* pagkasira *ng Jerusalem.*

Ngayon (sa kasunod na po) *Aking itiningin ang aking mukha sa Panginoong Dios, upang humanap* sa *panalangin at ng mga samo,* at *ng pagaayuno, at pananamit ng magaspang, at ng mga abo:*

. . .*ako'y nanalangin sa PANGINOONG*. . .*Dios, at ako'y nagpahayag ng kasalanan,*. . .

66 At nagpatuloy siya nang nagpatuloy, anupa't dakuan natin ngayon ang ika-20 talata. Para makatipid sa oras, haya't ang mga tao po'y nakatayo kasi, gusto kong dumako kayo sa ika-20, hanggang sa sumapit tayo roon sa—sa ika-20 talata.

*At samantalang ako'y nagsasalita, at nananalangin, at nagpapahayag ng aking kasalanan at ng kasalanan ng aking bayang Israel, at naghaharap ng aking* mga samo *sa harap ng PANGINOON kong Dios dahil sa banal na bundok ng aking Dios;*

Oo, samantalang *ako'y nagsasalita sa panalangin, ang lalaking si Gabriel, na aking nakita sa pangitain nang una,* ay nagsimula. . .*na pinalipad ng maliksi, hinipo ako sa panahon ng pagaalay sa hapon.*

*At kaniya akong tinuruan, at nakipagsalitaan sa akin, at nagsabi, Oh Daniel, ako'y lumabas ngayon upang bigyan ka ng karunungan at kaunawaan.*

67 Ano kaya't kung nandun lang sana tayo noon! Papaano Niya natagpuan siya? Sa pananalangin.

Ang Anghel, "ang lalaki." Napansin n'yo, tinawag niya Siya, "na tao." At simula nang. . .

At *sa pasimula ng* aking *mga samo ay lumabas ang utos,* (at lumabas 'yun para siya ay humayo), *at ako'y naparito upang* ipakita *sa iyo; sapagka't ikaw ay totoong minahal:* kung. . .*kaya't gunitain mo ang bagay, at unawain mo ang pangitain.*

*Pitong pung sanglinggo ang ipinasiya sa iyong mga tao at sa iyong banal na bayan,* o iyong bayan, *upang tapusin ang pagsalangsang,*. . .*upang wakasan ang* pagkakasala, *at upang linisin sa kasamaan, at upang dalhan ng walang hanggang katuwiran, at upang tatakan ang pangitain at ang panghuhula, at upang pahiran ang kabanalbanalan.*

Yan po ang anim na luping dahilan ng Kanyang pagdating. Ngayon pansinin.

> Ngayon, sa gayon, *iyo ngang talastasin at bulayin,* (ngayon pakinggan po) *na mula sa paglabas ng utos na isauli at itayo ang Jerusalem sa. . .Pinahiran na Prinsipe ay magiging pitong sanglinggo,. . .tatlong dalawa na pu't dalawang sanglinggo:* at *ang lansangan ay matatayo uli, at* mga kuta, *sa makatuwid baga'y sa* panahong *mabagabag.*
>
> *. . .pagkatapos ng tatlong dalawa na pu't dalawang sanglinggo ay mahihiwalay ang Pinahiran, at mawawalaan ng anoman: at ang mga tao ng prinsipeng darating—ng prinsipeng darating. . .gigibain ang bayan at ang santuario; at ang wakas niyaon ay sa pamamagitan ng baha,. . .hanggang sa wakas ay magkakaroon ng digma hanggang sa wakas na ang mga pagkasira ng digmaan ay ipinasya na.*
>
> *At pagtitibayin niya ang tipan* (pakinggan po) *sa marami sa isang sanglinggo,* isa sa mga pitumpung sanlinggo: *at sa kalahati ng sanglinggo ay kaniyang ipatitigil ang hain at. . .alay ay matitigil, at sa pakpak ng* kasuklamsuklam *ay paroroon ang isang pagkasira, at* hanggang *sa wakas, at pagkapasiya ay mabubuhos ang poot sa maninira.*

68 Ngayon, 'yan po ang aralin natin para sa susunod na tatlo, apat, limang pagtitipon, anuman ang ihayag ng Panginoon. "Pitumpu na sanlinggo."

69 Ngayon, hihilingin ko kay Doc, kung magagawa niya, sa gabing ito, na ipuwesto ang pisara ko roon, nang sa gayon ay makapagmarka-marka ako. Ayaw kong mapalampas n'yo ito. Ngayon marapat na pag-aralan n'yo ito kasama ko, at pag-aralam mismo nang malalim, o kung hindi'y mapapalampas n'yo ito. At gusto kong iguhit ito sa pisara rito, at kayo nama'y ilabas n'yo ang inyong mga lapis at papel at ilista ang mga petsa na ito, ang mga panahon na ito, at lahat ng tungkol dito.

70 Ngayon, ang pitumpung sanlinggo ay nagsimula (ngayon kunin n'yo po ito) matapos na ang Iglesya'y agawin paitaas. Ngayon, sa mga nauunawaan 'yan, magsabi ng, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ngayon, matapos nga 'yan na ang Iglesya'y agawin.

71 Apocalipsis 6:1, hanggang Apocalipsis 19:21, ay konektado sa pitumpung sanlinggo, kaya huminto muna tayo at para maipaliwanag, bago tayo magpatuloy. Huminto muna tayo at ipaliwanag kung bakit pitumpung sanlinggo. Dahil, kung hindi maipaliwanag sa inyo, mapapalampas n'yo ang Mga Tatak, mapapalampas n'yo ang Mga Pakakak na 'yun, mapapalampas n'yo ang Mga Mangkok na 'yun, ang Mga Salot na 'yun, ang tatlong karumal-dumal na espiritu na 'yun na gaya ng mga palaka, ang tatlong Pagkaaba na 'yun, ang pagpapatapon sa

pulang dragon, ang babae na nararamtan ng araw. Lahat ng 'yan ay mapapalampas n'yo, kung di 'yun maipapaliwanag muna, dahil magaganap 'yun mismo sa pitumpung sanlinggo na ito. Doon nga ito magaganap.

72 Ngayon, si propetang Daniel ay naroon sa Babilonia nang animnapu't walong taon na. Sa inyo na gustong balikan ang mga sanggunian, at makatipid kayo ng oras, heto't akin nang—nang tiningnan mismo. Animnapu't walong taon! Naging bihag siya noong B.C. 606, at nung dumating sa kanya ang pangitain ay—ay B.C. 538. Ang 538 mula 606, lalabas na animnapu't walo. Kaya animnapu't walong taon na naroon sa siya sa Babilonia, sa kalagitnaan ng mga pagano, at sa kabila nun ay nagkamit pa rin siya ng tagumpay. Amen. Isang oras nga lang ay di tayo makapanaig.

73 Pero haya't nasa gitna siya mismo, na wala ngang sinuman maliban sa tatlo niyang kasamahan, at sila'y nasa iba't ibang bahagi ng kaharian. Pero, si Daniel, na tumindig mag-isa sa Diyos, ay nagkamit ng katagumpayan nang animnapu't walong taon. Isipin n'yo 'yun! Ayaw ko po sanang magsimulang mangaral, dahil Mensaheng pagtuturo dapat ito. Pero, animnapu't walong taon, pinanatili niya ang katagumpayan at di nadungisan, sa harap ng Diyos; nang wala ang bautismo ng Espiritu Santo, wala ang Dugo ni Jesus Cristo para mamagitan sa kanya; na tanging ang mayroon lang siya roon ay dugo ng mga baka, at mga kambing, at mga dumalagang baka, na kailangan pa niyang ihandog nang palihim, dahil sa tradisyong pagano ng lupaing 'yun. Sila nga'y dinala roon. Iprinopesiya na ni Jeremias ang tungkol sa kanila, na sila'y madadako roon.

74 Ngayon, si Daniel, oh, grabe, unti-unti niyang nakikita na ang oras ay papalapit na, kagaya natin sa panahon ngayon. Si Daniel nga'y unti-unti siyang "nakakaunawa," sabi niya, "sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga aklat."

> At *nang unang taon* ng *paghahari* ni. . .*Daniel*. . . sa *paghahari akong si Daniel ay nakaunawa sa pamamagitan ng mga aklat ng bilang ng*. . .*mga taon,* samakatwid. . .*na sinalita ng* P*ANGINOON* *kay Jeremias na propeta, na* dapat na maganap ng *pitong pung taon sa*. . .pagkasira *ng Jerusalem.*

75 Si Jeremias, noong B.C. 606, ay nagpropesiya, dahil sa kanilang mga kasalanan at kasamaan, na sila'y mapaparoon nang pitumpung taon.

76 Naalala n'yo, may isa pang propeta na lumitaw nung panahon na 'yun. Di ko lang masabi ang pangalan niya ngayon. Pero baka maalala ko nang ilang—nang ilang minuto, kung biglang bumalik sa alaala ko maya-maya. Anupa't sumulpot siya at ang sabi, "Jeremias, mali ka. Ilang araw lang pananatilihin

ng Diyos ang Israel sa dakong 'yun, mahaba na ang, dalawang taon siguro."

77 Sabi ni Jeremias, "Ganoon nga ba. Amen." Sabi niya, "Pero sandali lang. Mangyaring ikaw at ako'y sumangguni sa isa pa, bilang mga propeta." Sabi niya, "Alalahanin mo, may mga nagpropesiya na noon na nauna sa atin, at nakapagsabi sila ng mga bagay na mali. At ang Diyos ay kinastigo sila sa pagsasabi nila ng huwad na bagay. Kaya, manigurado lang tayo. Pero sinabi na sa akin ng Panginoong Diyos na pitumpung taon mismo."

Sinaktan ng Diyos ang bulaang propeta na 'yun, at kinitil ang buhay nung propeta nung taon ding 'yun, dahil sinabi ng Diyos sa tunay na propetang ito na may pitumpung taon.

78 At nais kong pansinin n'yo kung paanong si Daniel, gayong isang dayuhan, gayong inihiwalay mula sa kanyang bayan, inihiwalay mula sa kanyang iglesya, wala ni isang gawain sa iglesya, walang iglesya na madaluhan, walang mga himno na pansabayang aawitin anupa't mga himno lang na inaawit niya sa sarili niya, sa kalagitnaan ng lahat ng ito, ay nanghawakan pa rin sa sinabi ng propeta. Amen! Amen!

79 Walang simbahang madadaluhan, walang kahit sino na mapagbubukluran; ang lahat nga'y nagsitungo na sa paganong mga templo, ang lahat ay nagsisisamba na sa kanilang mga diyus-diyosan. Walang awiting mga Cristiano; walang sinuman na nananampalataya sa sinasampalatayanan niya. At sa loob ng animnapu't walong taon, mula sa pagiging isang binatilyo na labing-dalawa, labing-apat na taong gulang, nung dalhin siya roon, nanghawakan siya nang tapat sa Diyos; at kanyang naunawaan sa pamamagitan ng propesiya ni Jeremias na ang mga araw ay halos tapos na.

Mangyari mismo na babalaan n'yan ang puso ng sinumang tunay na propeta ng Diyos sa panahon ngayon, na tayo'y dapat sumangguni pabalik at tingnan kung ano ang sinabi ng tunay na propeta, at makilala na tayo'y nasa huling panahon na.

80 Sabi niya, "Naunawaan ko sa pamamagitan ng mga aklat na si Jeremias, na aking kapatid, maraming, maraming taon ang nakararaan, ay iprinopesiya na ang Israel ay mananatili sa dako rito ng pitumpung taon. At ang panahon na 'yun ay malapit nang matupad." At kaya inihanda niya ang kanyang sarili. At nagtawag siya ng isang pag-aayuno, at pinaging malinis niya ang kanyang sarili, at mangyaring. . .nagsuot siya ng damit-sako at mga abo, at inilagay 'yun sa kanyang ulo, at nagsimulang mag-ayuno at manalangin, para maunawaan kung ano na bang araw ang kinabubuhayan nila.

81 At kung si Daniel, na propeta ng Panginoon, ay kumonsulta sa mga aklat ni Jeremias, at dinala siya sa ganoong kalagayan; na anupa't ang paglabas ng Israel, na lahat sila'y buhay, na ang

paglabas nila sa Babilonia, para bumalik sa sariling bayan, ay nagbunsod sa kanya na mag-ayuno suot-suot ang damit-sako at mga abo. Gaano pa kaya ang ibubunsod nito sa Iglesya ng buhay na Diyos, na mababatid na ang panahon ay pumaparam na't pawala na; at ang Pagparito ng Panginoong Jesus Cristo, at ang dakilang Milenyum ay nakahanda nang mangyari! Paano natin naaatim na mag-aksaya ng panahon sa bagay na walang kabuluhan, sa pagsusugal, sa languyan tuwing Linggo, na wala man lang panahon para sa Panginoon? Basta-basta na lang aalis. . . Kung may mababanggit ang pastor na isang bagay na di mo nagustuhan, tatayo ka't aalis na lang basta. At kung ang—kung ang panambahan ay matagal, aba, ikaw—ikaw, ikaw nga'y—ikaw nga'y nayayamot. Tingnan n'yo po ang kondisyon natin. Tingnan n'yo ang pinaggagagawa natin.

Ikumpara natin ang buhay natin sa propeta na 'yun. Isang lalaki, sa ganap na ibang kaharian, na walang simbahan na madaluhan, at walang ibang lugar na matutunguhan. Winasak at sinunog; ang kanyang bayan, ang kanyang mga kababayan ay ginawang mga bihag. Animnapu't walong taon! Animnapu't walo, animnapu't siyam, pitumpu; may dalawang taon na lang siya. Kaya nung mabasa niya sa aklat at makita na ang oras ay napipinto na mismo para matupad, na matupad, ibinunsod siya nun na manalangin sa Diyos, para malaman kung ano ba ang tungkol dun.

82 Napakadakilang panahon! Ano mismo ang ginagawa natin? Sa panahon na, "Ang mga bansa'y nagkakabaha-bahagi; ang mga dagat ay umuugong; ang puso ng mga tao'y nanlulupaypay sa takot; nakalilitong panahon." Lahat ng mga bagay na ito, ang sulat-kamay sa pader. Paghihiwalay ng mga lipi; lahat na ng uri ng kasamaan na naglipana sa mundo; at mga pagtatalo-talo, at pagaaway-away, at pagkakainitan. At hayan ang mga sandata na nakaantabay na sa mga silungan ng eroplano, na isang maliit na bansa lang na kasing liit ng Cuba sa dako rito ay may kakayahan na wasakin ang mundo sa loob ng sampung minuto. At hayan sila na nagtatalo-talo sa isa't isa, mga masasamang tao na wala kinikilalang Diyos at walang kamalayan tungkol sa Kanyang kapangyarihan.

At ang Espiritu Santo naman sa loob ng Iglesya'y, kumikilos sa kalagitnaan ng mga Hirang, ipinakikita ang Kanyang Sarili na buhay matapos ang dalawang libong taon, na Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Papaano natin naaatim na maupo na lang na tatamad-tamad? Papaano natin naaatim na lampas-lampasan lang ito sa atin? Panahon na para tayo'y magsiyasat mismo, maging handa sa dakilang oras na 'yun na parating.

83 Ngayon, nabasa niya sa Jeremias, sa ika-25 kabanata. Sige po't bumuklat tayo sa Jeremias, sa ika-25 kabanata, at basahin natin kung ano ang sinasabi ni Jeremias. Sige't, simulan natin

sa ika-8 talata, dahil ito'y. . .Gusto kong makuha n'yo mismo ito. Ika-11 talata ang inilista ko rito para basahin, pero sige't simulan na lang natin sa ika-8 talata.

> *Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo;. . .*

Sadya ngang gustung-gusto ko 'yan. Sa tuwing naririnig ko ang isang propeta na titindig na may kalakip na GANITO ANG SABI NG PANGINOONG DIYOS, kapatid, 'yun 'yun mismo. Sa akin, 'yun na 'yun. Yun na 'yun mismo.

> *. . .ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo; Sapagka't hindi ninyo dininig ang aking mga salita,*
>
> *Narito, ako'y magsusugo at kukunin ko ang lahat na angkan sa hilagaan, sabi ng PANGINOON, at kay Nabucodonosor na hari sa Babilonia, na aking lingkod, ay aking dadalhin sila* muli*. . .laban sa lupaing ito, at laban sa mga nananahan dito, at laban sa lahat* ng *bansang ito* sa *palibot, at aking lubos na lilipulin sila,. . .*

Alalahanin n'yo, sila na mga hirang ng Diyos ang Kanyang tinutukoy rito. Hindi mga tao na walang kinikilalang Diyos. Ang mga ito'y miyembro ng iglesya.

> *Bukod dito'y aalisin ko sa kanila ang tinig ng kalayawan,. . .ang tinig ng kasayahan,* (kagaya po sa panahon nating ito, na panay rock-and-roll, Ricky at Elvis,) at, oh, *ang tinig ng kasintahang lalaki,. . .ang tinig ng* ibon. . .o, *kasintahang babae,* pala, *ang tunog ng batong* gilingan,*. . .ang liwanag ng ilawan.*
>
> *At ang buong lupaing ito ay magiging* sira,. . .

Pakinggan n'yo ang propeta na 'yun na sumisigaw, "Ang buong lupain na ito'y magiging sira!" At di naman sa ginagaya ko ang dakilang propeta na ito ng Diyos, pero iprinopesiya ko na na ang buong bansa na ito'y magiging sira. Parurusahan ng Diyos ang bansang ito dahil sa mga kasalanan nito. Yamang di 'yun pinalampas ng Diyos sa Israel, na Kanyang pinili, Binhi ni Abraham, na Kanyang binigyan ng tipan at pinangakuan, kung hindi nga Niya pinalampas ang kanilang maling-gawi; gayong sila'y relihiyoso hanggang sa kaibuturan, haya't may kahanga-hangang mga kaiglesyahan, at mga saserdote, at mga rabi; pero dahil nga mismo sa kanilang imoral na gawi at bagay-bagay sa kalagitnaan nila, na ang Diyos ay ibinunsod sila na anihin nila ang inihasik nila, ay gayundin naman na malalasap natin ito. Ika-11 talata:

> *. . .ang buong lupaing ito ay* magiging sira, *at. . . katigilan;. . .*

Ang ibig sabihin, ang lahat ay mapapatingin at masasabi, "Hayan sila. Dakila sila noon. Tingnan n'yo sila ngayon."

> *. . . at ang mga bansang ito ay maglilingkod sa hari sa Babilonia na pitong pung taon.*

Katumbas 'yun ng buong habambuhay mismo. Katumbas 'yan ng panahon na ang inyong matandang, kalugud-lugod na matandang nanay ay sanggol pa lang noon. Sila nga'y naroon na walang Diyos, walang simbahan, walang awit, walang kahit na ano, nang buong sanghenerasyon, hanggang sa ang lahat ng nasa makasalanang henerasyon na 'yun ay mamatay.

> *At mangyayari, pagkaganap ng pitong pung taon, na aking parurusahan ang hari sa Babilonia, at ang bansang yaon, sabi ng* PANGINOON, *dahil sa kaniyang kasamaan, at ang lupain ng mga Caldeo, at aking gagawing* sira *magpakailan man.*
>
> *At aking gaganapin sa lupaing yaon ang lahat na aking salita na aking sinalita laban doon, lahat ng nakasulat sa aklat na ito, na inihula ni Jeremias laban sa lahat na bansa.*
>
> *Sapagka't maraming bansa at mga dakilang hari ay paglilingkuran nila—nila nga: at gagantihan ko . . . ayon sa kanilang mga kilos, at ayon sa* kanilang mga salita *ng kanilang mga kamay.*
>
> *Sapagka't ganito ang sabi ng* PANGINOONG *Dios ng Israel sa akin; Abutin mo itong saro ng alak* ng *kapusukan* ng *aking kamay, at ibunsod ang lahat na bansa, na pinagsuguan ko sa iyo, ay painumin* mo *nito.*

Sa madaling salita, "Jeremias, ibinigay Ko na sa iyo ang mensaheng ito. Huwag kang maupo lang. Huwag kang pumirmi sa isang lugar lang, bagkus magpropesiya ka sa lahat ng mga bansa." Nasusundan n'yo ba? "Magpropesiya ka sa lahat ng mga bansa. Iyong ipamalas ang Aking mga tanda't mga kababalaghan, at sa kanila'y ipabatid mo na Ako'y darating upang gawin ito."

> *At sila'y magsisiinom, at magsisihapay na paroo't parito, na mangauulol, dahil sa* salita *na aking pasasapitin sa kanila.*

84 Ano ang ginagawa ng mga tao sa mismong panahon na ito? Binabansagan ka nila na isang—isang huwad na propeta, ikaw ay tatawagin na isang—isang nakikipag kompromiso, ikaw ay tatawagin na isang—isang panatiko, isang manghuhula, o isang mananaginipin ng mga panaginip, o kung anong uri ng isang mental na mambabasa ng isip. "Sila'y mangauulol!" At ang salitang *mangauulol*, kung hihimayin mo, ang ibig sabihin ay "mababaliw." "Sila'y mangababaliw mismo, at sasabihin, 'Ah, huwag n'yong pansinin ang holy-roller na 'yan, 'yang walang kapararakan na 'yan,' dahil sa Salita na pasasapitin ko mismo sa kanila."

85 Nakikita n'yo ba ang kasaysayan na nauulit muli? Hindi tumutugma si Jeremias sa mga Fariseo, mga Saduceo, mga Herodiano, kung ano pa man sila. Kanyang, kanyang inilalatag lamang ang Salita, at ibinubunsod Nun na lahat sila'y mapoot sa kanya. Ano? Ngayon pansinin.

> At *nang magkagayo'y* inabot *ko ang saro sa kamay ng* PANGINOON*, at pinainom ko ang lahat na bansa* rito,. . .

Hindi pumirmi sa bahay si Jeremias. Hindi pumirmi si Jeremias sa isang munting dako, mangyari nga na lahat ng mga bansa'y pinainom niya nito.

> . . .*na pinagsuguan ng* PANGINOON*:*

86 Inabot ni Jeremias ang Salita ng Panginoon, ang alak ng Kanyang Salita. At ang alak ay ang kapangyarihan ng Kanyang Salita. May kapangyarihan ang alak. Ang alak nga'y may pagkalasing doon. May kapangyarihan sa likod ng alak. "At inabot ko ang Salita ng Panginoon," sabi ni Jeremias, "at inihayag Ito. Ang alak, ang kapangyarihan na Naroon, ginanap ko sa harapan nila, at ayaw nila Itong pakinggan."

Sabi ng Diyos, "Kung ganoon ay isusugo Ko sila sa loob ng pitumpung taon sa Babilonia." Yun nga ang ginawa Niya. Ang matutuwid at ang di-matutuwid, kapwa naparoon.

87 Ngayon, balik sa aralin. Nagbabasa-basa si Daniel. Isipin n'yo 'yun, binabasa ni Daniel ang siya ring mga Salita na ating binabasa sa umagang ito. Parehong Biblia ang binabasa noon ni Daniel, parehong mga bantas, parehong mga pangungusap, parehong mga bagay, na sa tulong ng Diyos, ay babasahin ko sa inyo sa susunod na ilang Pagmemensahe, pareho mismo, para ipakita sa inyo na narito na tayo sa huling panahon.

At si Daniel, na tinutupad ang Salita mula kay Jeremias, siya'y naparoon sa Babilonia. At siya'y pinahirang propeta. At siya'y nagpamalas ng mga himala, tanda, nakakapagpaliwanag ng di kilalang mga wika, at nagpapamalas ng mga tanda't mga kababalaghan sa kalagitnaan nila. Pero sa kabila nun, siya'y nanindigan na mag-isa, sa sarili niya! Amen! Mag-isa siyang nanindigan.

88 Mangyari nga na naisulat na ni Jeremias ang mga Salita na ito maraming, maraming taon na bago pa. At si Daniel, sa pagpapaliwanag sa Salita, dumako. . . "Naku, sandali lang. Papalapit na kami sa huling panahon, dahil naka animnapu't walong taon na ako rito. At ang propeta ng Panginoon," amen, "ang aking kapatid, ang tunay na propeta ng Diyos na siya'y napatunayan mismo na isang propeta, ay nagpropesiya noon sa amin. Mayroon ako rito na nakasulat sa aklat, na nagsasabi, 'Magaganap ang pitumpung taon.' Oh Panginoong Diyos, papalapit na kami sa wakas. Ang buong henerasyon na 'yun ay nangamamatay na. Ano nang gagawin Mo ngayon,

Panginoon? Nangako Ka na magpapadala sa amin . . . ” At ang propeta nga’y naupo roon sa ayos, para manalangin.

89 Oh Diyos, kung may panahon nga mismo na dapat naming isaayos ang aming sarili, para manalangin, ito na ’yun ngayon. Dahil, tayo bilang Kanyang tunay na lingkod, atin nga mismong nakikita, sa pamamagitan ng mga Sulat ng alagad, sa pamamagitan ng mga babala ng Espiritu Santo, na narito na tayo sa huling araw. Sinasalita Ito mismo ng Espiritu Santo, “Sa huling mga araw, ang mga tao’y magiging matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan sa halip na sa Diyos, mga maninira ng kasunduan, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, at mga hindi maibigin sa mabuti.” Akin ngang napag-uunawa sa pamamagitan ng Sulat.

90 At nauunawaan ko na magkakaroon ng mga manlilibak, sa huling araw. Nauunawaan ko na magkakaroon ng pag-aalit ng bansa laban sa bansa, sa huling araw. Nauunawaan ko na magkakaroon ng malalaking daluyong, sa huling araw. Nauunawaan ko na magkakaroon ng kakila-kilabot na mga tanawin, kagaya ng mga flying saucer, sa himpapawid, mga misteryosong tanawin, at manlulupaypay ang puso ng mga tao sa takot. Magkakaroon ng panahon ng kalituhan, at pagdurusa sa kalagitnaan ng mga tao. Nabasa ko na hahantong sila tungo sa mga organisasyon at mga denominasyon, at magkakaroon ng isang kompederasyon, sa huling araw. Nauunawaan ko na ang mga kababaihan ay magpapaputol ng buhok sa huling araw. Nauunawaan ko na magsisipagsuot sila ng maiiksing mga damit, at lalakad na nakasuot ng mga sapatos na mataas ang takong, na kumakalampag sa paglakad nila, sa huling araw. Nauunawaan ko na ang moralidad ay magiging napakababa sa huling araw. Nauunawaan ko na ang mga mangangaral ay magiging huwad na mga pastol sa huling araw, na makikipag kompromiso sila, at hindi Salita ng Diyos ang ipakakain sa mga tao, bagkus ay magsisibaling sa mga kredo’t mga bagay-bagay, bilang pamalit. Pero sa kabila nito’y nauunawaan ko na magkakaroon ng isang Tinig na darating sa huling mga araw, na sumisigaw mula sa ilang, tinatawag ang mga tao pabalik sa orihinal na Mensahe, pabalik sa mga bagay ng Diyos. Nauunawaan ko, sa pamamagitan ng Aklat, na magaganap mismo ang mga bagay na ito.

91 Nauunawaan ko na sa huling mga araw ay magkakaroon ng taggutom. Ang mga kaiglesyahan ay magiging organisado na masyado, at ang lahat ay de numero’t lahat, na sa huling mga araw ay magkakaroon ng taggutom, at hindi ’yun sa tinapay at tubig, kundi sa pakikinig sa tunay na Salita ng Diyos. At ang mga tao’y manggagaling sa silangan, sa kanluran, sa hilaga, at sa timog, na naghahanap para makapakinig ng tunay na Salita ng Diyos. Subalit ang mga kaiglesyahan ay magiging napaka organisado’t saradong-sarado, na mabibigo sila na pakinggan

Ito. Nauunawaan ko ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng mga Aklat. Pero, sa huling araw na 'yun, Oh Diyos, uusbong ang isang Sanga mula kay David.

92 Nauunawaan ko na isusugo Niya si Elias bago dumating ang araw na 'yan sa huling panahon, at siya'y magtataglay ng isang Mensahe na ipanunumbalik ang mga puso ng mga anak patungo sa kanilang mga magulang, ipanunumbalik sila sa orihinal, babalik mismo sa wakas, at simula. Nauunawaan ko na mangyayari 'yan bago lisanin ng Espiritu ang Gentil na iglesya, para bumalik na sa mga Judio.

93 At di ko mapag-uunawa kung hindi sa pamamagitan ng Sulat. Nauunawaan ko mismo sa pamamagitan ng Salita, sa pamamagitan ng nasusulat na Salita, na ang Israel ay babalik sa kanilang sariling bayan; at nakikita ko siya na pumapasok na mismo.

94 Nauunawaan ko sa pamamagitan ng mga Sulat, ng mga propeta, na ang Israel ay magiging isang bansa. Kanilang itatatag muli ang pagsamba sa templo. Ang Diyos ay muling makikipag-ugnay sa kanya sa pagbalik niya sa sarili niyang bayan. Oh! Lilitaw ang dalawang propeta sa huling mga araw, sa piling nila. Nauunawaan ko 'yan. Pagkaalis nga mismo ng Iglesyang Gentil, darating ang dalawang propeta, si Eliseo at Moises, sa Israel. Haya't matatalakay natin 'yan sa pagpapatuloy pa natin.

95 Ang propeta nga'y nakikita niya ang panahon na natutupad na mismo roon sa Babilonia. Buweno.

96 Nagpakita si Gabriel, di lang para ihayag ang tungkol sa bagay na hinihiling niya, kundi sabihin din sa kanya hanggang sa bagay na itinakda para sa lahing Judio, hanggang sa wakas. Amen! Kaunti lang ang hiniling niya, pero natamo niya ang buong bagay. Ang hinihiling lang niya ay 'yung . . .

97 Ang sinisikap lang na alamin ni Daniel ay, "Gaano pang katagal, Panginoon, ito ngayon? Si Jeremias na propeta, ang Iyong lingkod, aking kapatid, ay nagpropesiya, animnapu't walong taon ang nakalilipas, at nagsabi, 'pitumpung taon na ang bayan na ito'y mananatili rito.' Mangyari nga na ang buong matandang henerasyon na 'yun ay halos ubos na ngayon."

98 May matandang pentecostal na henerasyon na nagbangon, apatnapung taon ang nakararaan. "Matatandang nakikibaka," ang tawag sa kanila. Nag-organisa sila, at nagbanatan, at nagtalo-talo, hanggang sa Bundok ng Horeb at Nebo, hanggang dun. Pero, sa wakas, nasa ilog na tayo. Siya'y magbabangon ng isang panibago, na isang Josue para itawid sila. Ang batas ay nabigo; kasama si Moises; nabigo si Moises. Itinawid sila ni Josue. Nasumpungan natin na ang mga organisasyon ay nabigo, pero ang Espiritu ng Diyos . . . si Josue, ang salitang *Josue*, ang ibig sabihin ay "si Jesus na ating Tagapagligtas." Na, ang

Espiritu Santo'y dadako sa Iglesya. Hindi isang organisasyon, kundi ang Espiritu Santo'y dadako sa kalagitnaan ng mga tao at maihanda Siya na tumungo, patawid ng Jordan. Nauunawaan ko sa pamamagitan ng pagbabasa ng Aklat na 'yun ang magaganap. At batid ng Diyos na 'yan ang hinahanap ko ngayon, nang sa gayon ay makapagbigay ako ng kaaliwan sa Kanyang mga hirang at sabihin sa kanila kung anong malapit na, kapwa sa mga narito ngayong umagang ito, at sa mga nasa ibang dako na maaabot ng mga teyp na ito, sa buong mundo, na tayo'y nasa huling panahon na.

99 Inihayag Niya hanggang sa panahon na ang Kaharian ay ganap na maipanumbalik at ang Milenyum ay magsimula. Yun ang mensahe ni Gabriel. Sabi Niya, "Dumating Ako upang sabihin sa iyo na may pitumpung taon, pitumpung sanlinggo, pa, na ipinasya sa iyong bayan, ipinasya hanggang sa wakas ng lahing Judio. May pitumpung sanlinggo." Ngayon masdan n'yo po ang sinabi Niya. Na ngayon, mula mismo sa paglabas para panumbalikin. . .

> *Pitong* pung *sanglinggo ang ipinasiya sa iyong mga tao at sa iyong . . . bayan, . . .*

"Iyong bayan." Ang Bailonia'y hindi naman niya bayan. Sino . . . Saan ang kanyang bayan? Jerusalem.

100 Ngayon, ngayon sa pagdako natin sa—sa pito, o sa anim na luping kumpirmasyon, malalaman natin kung ano mismo ang bayan na 'yun, at tutugaygayin 'yun at patutunayan kung sino 'yun, sino ang nagtatag nun, saan 'yun nanggaling. Gaano bang katagal 'yun tatayo? Maitatayo ba 'yun uli? Sa anong panahon? Oh, dakilang mga bagay nga ang naghihintay sa atin. Sige.

> *Pitong* pung *sanglinggo ang ipinasiya sa iyong mga tao at sa iyong . . . bayan, upang tapusin ang pagsalangsang, . . .*

Ngayon, di Niya sinabi, "Daniel . . ." Di mapapasubalian na sinabi Niya sa kanya na 'yung pitumpung sanlinggo ay . . . Ang ibig ko pong sabihin, 'yung pitumpung taon ay malapit nang matapos. Animnapu't walo na, dalawang taon na lang ang kulang. At nasumpungan natin na ang propesiya ni Jeremias ay saktong-sakto mismo. Dalawang taon ang nakalipas, lumabas nga sila. Lumabas sina Nehemias at nakakuha mismo ng utos mula sa hari, at itinayo ang pader nang panahon na 'yun na magulo. Trinabaho nila. Sabi Niya, "Ang pader . . ." Pakinggan n'yo po.

> *. . . upang tapusin ang pagsalangsang, . . . upang wakasan ang* pagkakasala, . . .

"Upang wakasan ang pagkakasala." Kanino? Sa mga Judio. "Ipinasya sa iyong mga tao," hindi sa mga Gentil. "Sa iyong mga tao," na mga Judio. "At iyong bayan," hindi New York, hindi

Boston, Philadelphia, Chicago, Los Angeles, Roma. Kundi, “Sa iyong bayan,” Jerusalem.

> . . . at *upang tapusin ang pagsalangsang, . . . wakasan ang* pagkakasala, . . . *upang* linisin *sa kasamaan, at upang dalhan* ng *walang hanggang katuwiran, at upang tatakan ang pangitain at ang panghuhula, at upang pahiran ang kabanalbanalan.* (Masdan!)
>
> *Iyo ngang talastasin at bulayin, na mula sa paglabas ng utos na isauli at* itayong muli *ang Jerusalem* (na kanyang bayan) *tungo sa . . . Pinahiran na Prinsipe ay magiging pito* (ng pitumpung) *sanglinggo, . . .*

101 Antabayanan lang n’yo hanggang sa matalakay natin ’yan! Oh, grabe! Yan nga’y pagpapala na aking . . . Mapapakuha ako ng lubid at itatali ko ang sarili ko sa paksang ’yan.

102 Inihayag mismo hanggang sa kadulu-duluhan, sabi, “Hindi ko lang sasabihin sa iyo ngayon na ang dalawang taon na ’yun ay sadya ngang halos, matatapos na ito, magaganap na.” At alam natin na saktong pitumpung taon ang inilagi nila sa dakong ’yun, at—at pagkatapos ay lumabas sila, saktong-sakto sa pagkakasabi ng propeta. At si Isaias, o ang ibig kong sabihin . . . si Daniel ay naniwala sa propetang ’yun, kaya heto siya, na nakahanda na. Buweno. At siya . . .

103 At ngayon, nung dumating si Gabriel, ang sabi Niya, “Dumating Ako para ipakita sa iyo hanggang sa kadulu-duluhan, na ihayag sa’yo ang mga bagay na ito, nang, hanggang sa wakas.” Kita n’yo? Masdan.

> . . . ng kasuklamsuklam *ay paroroon ang isang pagkasira, at* hanggang *sa wakas, . . .*

104 Ang *wakas* ay “ang katapusan ng lahat ng mga bagay.” “Ipakikita ko sa iyo ang mangyayari.” Ngayong pakinggan. Unawain n’yo! “Ako . . . Daniel, isinugo Ako. Kinalulugdan ka sa Langit. At narinig Ko ang mga panalangin mo at bumaba Ako ngayon para sabihin sa iyo kung ano ang ipinasya para sa mga Judio at sa Jerusalem, mula ngayon hanggang sa dulo ng kawakasan, ang buong bagay.”

105 Ngayon, nauunawaan n’yo na ba, mga mag-aaral? Kung masusumpungan natin kung ano ang pitumpung sanlinggo na ito, malalaman natin kung kailan ang kawakasan. Oh, grabe! Tulungan nawa tayo ng Diyos na malaman ’yun. Sinasabi nito nang eksakto sa kung saang dako ng mga pahinang ito, nang sakto mula sa panahon na ’yun noon hanggang sa panahon na ito, hanggang sa kawakasan, at di ’yun magmimintis ni isang minuto.

106 Ganyan na lang kadakila ang Salita ng Diyos . . . Nung likhain ng Diyos ang daigdig at itinalaga ito sa tahakin nito. At ipinapangaral ko nga nung isang gabi, Linggo ng gabi, kung

papaanong wala ni anumang bagay ang nagmimintis. Hayan nga, na ang mundong ito'y ganap ang pag-inog na masasabi nila sa inyo kung kailan mismo dadaan ang araw at ang buwan man, dalawampung taon mula ngayon, nang eksakto hanggang sa pinaka minuto nito. Di ko masasabi sa inyo, sa pamamagitan ng anumang orasan na mayroon sa mundo; nagiging atrasado 'yun nang dalawa o tatlong minuto kada buwan, o mabilis nang dalawa o tatlong minuto, 'yun na ang pinaka mainam natin. Di natin kayang gumawa nang ganoong kaperpekto. Dahil, may isang bagay lang na perpekto, 'yun ay ang Diyos. At ang Diyos at ang Kanyang Salita ay ang siya ring bagay, kaya ang Salita ng Diyos ay perpekto.

107 At kung masusumpungan lang natin ang mga araw na ito, masusumpungan natin nang eksakto kung kailan ang wakas. Nakukuha n'yo ba? "Ito'y itinakda hanggang sa wakas." Sa ika-24 na talata, "ang iyong mga tao at ang iyong bayan na banal," Jerusalem ang tinutukoy rito. Heto po ang ika-21 . . . ika-24 na talata rito. Tinukoy ito ni Jesus sa Mateo 24.

108 Ngayon, Kapatid na Collins, kung narito siya sa umagang ito, di ko alam kung nandito siya ngayon o wala. Dun sa mga tanong nung isang gabi, nagtanong siya ng isang tanong. (Sa tingin ko ayos lang naman kung banggitin ko ito, Kapatid na Collins.) Tungkol sa "'Ang kasuklam-suklam na maninira,' kita n'yo, kung ano ang ibig sabihin nun?"

109 Nangusap tungkol dun si Jesus, sa Mateo sa ika-24 na kabanata, at nasumpungan natin. Siyanga po, Mateo 24:15. Ngayon puntahan ko lang 'yan nang madalian, para makita n'yo kung ano ito mismo, na binabanggit din ni Jesus ang siya ring bagay rito, na tinutukoy 'yung sa Daniel. Mateo 24:15, sa inyo na inililista ito. Gusto ko nga, na bawat isa sana sa inyo, lalo na po mamayang gabi at—at susunod na Linggo, magdala kayo ng mga lapis at mga papel, dahil tayo'y . . . maliban na lang kung narerekord n'yo ito sa teyp. 24, at sa ika-15 talata, "At kaya nga . . ."

> At *kaya nga pagkakita ninyo ng kasuklamsuklam na paninira, na sinalita sa pamamagitan ng propeta Daniel, . . .*

Isipin n'yo! Apatnaraan at walumpu't tatlo, -apat, -lima, walumpu't anim na taon bago pa. Apatnaraan at walumpu't anim na taon bago pa.

> . . . *propeta Daniel,* na natatayo *sa dakong banal, . . .*

Ngayon tingnan n'yo po sa inyong Biblia. May nakalagay na panaklong.

> . . . *(sinumang bumabasa, ay unawain ito:)*

110 Ngayon, kinakausap Niya rito ang mga Judio. Gusto nilang malaman, "Paano naman ang templo na ito? Kailan ba ito

wawasakin? Kailan ito itatayo muli? Kailan ba darating ang panahon na 'yun na wala nang maiiwang bato na nakapatong sa kapwa bato? Gaanong kahaba ang itatagal nito?"

111 Sabi Niya, "Kapag nakita ninyo 'ang kasumklam-suklam na paninira, na nakatayo sa panahong. . .' si Daniel, 'nakatayo noon sa banal na dako.'" Sabi, "Kapag nakita ninyo na ito na naganap na, ngayon ay unawain ng bumabasa kung ano ang tinutukoy niya."

Yan ang dahilan kung bakit nananalangin tayo sa Diyos, upang ibunsod 'yun nang ganap, na wala ni anino man ng pag-aalinlangan. Dahil, di dapat natin inilalapat ang sarili nating kaunawaan sa mga bagay na ito. Kinakailangan na manggaling mismo mula sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kaya, itinatabi ko lang muna 'yun hanggang sa mapag-unawa ko.

Inihayag sa kanya ang lahat ng mga bagay, ang "kasuklam-suklam" na 'yun.

112 At, tandaan n'yo, may tambalang kahulugan ito, kagaya na lang ng, "Tawagin ang aking anak palabas ng Egipto." Kung papaano nga mismo na ang Israel ay tinawag palabas, ganoon din si Jesus, na Kanyang Anak, ay tinawag palabas.

At 'yun nga'y ganap na ganap mismong mangyayari, kung paano ngang tiyak na nakatayo ako rito. At ginawa Niya 'yun sa paraan, at ginawa Niya 'yun na maitago, na lahat ay maitago mula sa Iglesya. Oh, kapag dumako na tayo riyan, sa anim na luping pagkaunawa na 'yun, kung papaano nga mismo na ang lahat ng ito'y Kanyang itinago mula sa Iglesya, para ang Iglesya ay maging handa minu-minuto, gayong hindi alam kung kailan Siya darating. Pero ngayon na ang kapanahunan ng Iglesya'y papatapos na, mangyari nga na Siya'y dapat na nakahanda na ngayon para sa Pagparito, sadyang dapat ay naghahanda na.

113 Isa ito sa pinaka importanteng Kasulatan sa Aklat. Anong ginagawa nito? Inilalahad nito ang pagtatapos ng bansang Judio, ng bayang Judio. Ang Kasulatan na ito, ang pitumpung sanlinggo, inilalahad at sinasabi nito ang mula sa panahon na nagsimula si Daniel doon, hanggang sa dulo ng kawakasan. Isa nga ito sa pinaka dakilang tagapagpaalam ng oras. Ilan sa inyo ang narinig na ako na sinasabi, "Kung gusto n'yong malaman kung ano nang araw ngayon sa sanlinggo, tumingin kayo sa kalendaryo. Kung gusto n'yong malaman mismo kung ano nang panahon ang kinabubuhayan natin, tumingin kayo sa mga Judio"? Ganoon nga. Hayan nga ang kalendaryo ng Diyos, na hinango mula rito. Sinumang teologo, sinumang iskolar ng Biblia, sinuman, ay sasabihin sa inyo na ang tagapagpaalam ng oras, ay ang mga Judio.

Ngayon ano na nga bang oras natin? Tayo lamang. . .mga tao, mainit, oh, ako'y. . .

114 Wala nga itong kinalaman sa mga Gentil; itong Pitong Tatak, Pitong Salot, Pitong Pagkaaba, Pitong Pakakak, walang kinalaman ang mga ito. Nasa Kaluwalhatian na ang Iglesyang Gentil sa panahon na 'yan. Wala 'yung kinalaman sa atin, na Iglesyang Gentil. Nakapanakula nga ito sa Israel. "Daniel, sa iyong mga tao at Jerusalem."

115 Ngayon, at isinasaad mismo nito ang katotohanan na ang Diyos ay nakikipag-uugnay lamang sa mga Judio kapag sila'y nasa kanilang sariling lupain. Hallelujah! Diyan nga sa palagay ko tinamaan ang pinaka sentro nito, diyan mismo.

Ang laging iginigiit ng ilan ay mula raw 'yun sa panahon na ang Israel ay naroon nung panahon ni Daniel. At may isang kilalang manunulat. . . Mangyari po, na alam kong ang ilan sa mga tagasunod niya'y nakaupo rito ngayon, kaya di ko na lang babanggitin. Pero 'yan ang dahilan kung bakit mali-mali ang pagkakakuha nila rito.

116 Alam n'yo ba kung paanong ang mga Millerite, bago sila naging ang Seventh-day Adventist, kung ano ang ginawa nila rito? Noong 1919, naghanda sila ng mga pakpak, (nakita n'yong lahat 'yun sa diyaryong Courier), at nagtungo sila rito dahil lilipad na raw sila, nung umagang 'yun. Hinango raw nila 'yun sa pitumpung sanlinggo ni Daniel. Uh-huh, Millerite. Pagkatapos, pagkalipas lang, sa pamamagitan mismo ni Gng. Ellen White, na kanilang propetisa, bumaling sila't ang tawag na nila sa sarili nila ay Seventh-day Adventist. At ngayon naman ay pinalitan nila ang pangalan nila't ginawang The Voice of Prophecy. Kita n'yo? Tatlong iba't ibang pangalan ng siya ring sekta.

117 Ngayon, pero mangyari nga na mali sila, dahil pinipilit nilang pairalin ang pitumpung sanlinggo na 'yun sa kapwa Judio at Gentil. At sinabi naman na Niya rito, "Ito'y para sa iyong tao." Ang Diyos nga ay di kailanman nakipag-ugnay sa mga Judio na nasa labas ng Palestina. At nung ang Mesiyas, sa panahon ng pitumpu, at dalawang sanlinggo, ay pinutol, (hindi para sa Kanyang Sarili; para sa atin, kaya Siya'y pinutol), ang Israel ay ikinalat, at di pa (kailanman) nakababalik sa sarili nilang lupain hanggang nitong huling mga taon lang. Kaya, di kasama sa pagbibilang 'yung panahon na 'yun sa kapanahunan ng Iglesya. Nakukuha n'yo ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

Kaya di maaaring 1919. May maipapakita ako sa inyo na nangyari noong 1919, pero 'yun nga'y nung ang Anghel na 'yun, ang mensahe ng ikatlong Anghel ay tumama at umiral ang Pagkaaba. Mismo. Pero di rin 'yun 'yung. . . Yun nga'y nung ang digmaan ay misteryoso na lang na nahinto. Tatalakayin natin 'yan sa ika-7 kabanata kapag dumako na tayo dun, kapag dumako na tayo sa ika-7 kabanata. Napakinggan n'yo na ako lahat kayo na ipinangangaral 'yan, maraming beses na, kita n'yo, nung sabihin ng mensahe ng Anghel, "Pigilan ninyo ang

apat na hangin ng lupa hanggang sa matatakan namin ang mga Judio, ang mga alipin." At, ngayon, patuloy sila sa paghihintay hanggang sa ang buong kapanahunan ng Gentil ay matapos na.

Pagkatapos sa pagdating Niya, saka—saka Niya tatatakan ang mga Judio, matatanggap ng sandaan at apatnapu't apat na libo ang Espiritu Santo. Hayan nga ang sandaan at apatnapu't apat na libo, na natatakan. Apocalipsis 7. Nabasa n'yo.

"At nakita ko ang malaking bilang na naroon na sa Langit," nakita ni Juan, "mula sa lahat ng mga lipi, mga wika, at bansa, at nakatayo sila sa harapan ng Diyos, na may hawak na mga sanga ng palmera sa kanilang mga kamay, at may suot na puting mga damit, umaawit, 'Hallelujah! Amen! Luwalhati, karunungan, karangalan, kapangyarihan, ay mauwi sa aming Diyos nang magpakailan-kailanman. Amen!' sumisigaw sila."

118 Hindi pa noon maunawaan ni Juan. Pero lumingon siya't nakita niya sa Bundok ng Sinai, (maluwalhati) ang sandaan at apatnapu't apat na libo na di nadungisan ng mga babae. Mga Judio! Mga babae, mga kaiglesyahan! Hindi sila sumapi sa ano mang mga organisasyon, mapa-Lutheran, Methodist, Baptist, at Presbyterian. Mangyari nga na sila'y mga Judio mula simula, Orthodox, at ang templo nila'y naroon, sumasamba dun sa Bundok ng Sinai. Yun ang sandaan at apatnapu't apat na libo. Yun nga'y pagkatapos lang nito; na ang Iglesya'y makatungo na roon sa Kaluwalhatian. Kita n'yo?

119 Kaya, mali si G. Smith, kung tutuusin. Dahil, papaano n'yo ilalapat 'yun dito sa 1919, aalisin ang sandaan at apatnapu't apat na libo? Kung ganun ay babalik lang sa pagka-Russellite uli. Kita n'yo? Kung ganoon ay babalik lang sa Russellite na doktrina, na, "Si Jesus ay dumating daw ng 1914, 1919 ay kinuha Niya ang Kanyang Iglesya, at ngayon ay mistikong katawan Siya na umiiikot daw sa daigdig, ibabangon . . . magtutungo sa libingan ni lola at libingan ni lolo, at ibabangon daw silang lahat, lahat sila na mga Russellite." Kahibangan! Hindi tumutugma sa Salita. Hindi 'yun tatama. Hindi, po. Hindi.

120 Pero, nasa Diyos nga ang Katotohanan. At Diyos ang tanging Isa Na makapaghahayag Nito at mailagagay Ito roon, at ipakikita Ito nang eksaktong-eksakto, sa atin. Kita n'yo? Sumasampalataya ako na gagawin nga Niya. Di ko ito alam. Sinasabi ko nga sa inyo ang Katotohanan. Di ko alam, pero sumasampalataya ako. Sumasampalataya ako na Kanya ngang gagawin.

121 Kaya, kita n'yo, hinding-hindi makikipag-ugnay ang Diyos sa mga Judio. (Gusto kong mapatimo ito sa isip n'yo) habang ang Israel ay . . .

122 Sa puntong 'yan ko sinabi sa kapatid na ito na nakaupo rito, na nagsasabi na magtutungo raw siya ng Israel, na huwag niyang pakialaman ang Israel! Huwag n'yo itong pakialaman,

kayo na mga nagsasabi na aakayin n'yo ang mga Judio. Bago matapos ang Mensahe na ito, makikita n'yo na ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, sa pamamagitan ng Salita at sa pamamagitan ng Espiritu. Maaakay ang Israel, na sangbansa mismo, nang isang gabi. Yan ang sinasabi ng Biblia. Mangyari nga na ang Ebanghelyo'y kung tutuusin ay di para sa kanila. Haya't may ilan na naiba na lumabas, at gaya nga nun, na nakapasok, at lumabas mula sa pangunahing kalipunan ng mga Judio, na nakapasok at naligtas. Totoo naman 'yan. Ako nga'y naniniwala riyan nang buong puso ko—puso ko.

Pero, alalahanin n'yo, kapag ang Israel ay nasa labas ng kanilang bansa, hindi sila maliligtas. Ngayon bumabalik na sila. At maliligtas sila, isang kabansaan, sa isang araw. Yan ang sinasabi mismo ng Biblia. Isang araw; maaakay, nang ganap, ang sanbuong Israel pabalik sa Diyos. Magkakaroon ng isang napaka makapangyarihang bagay na tatama sa Israel isa sa mga araw na ito, hanggang sa liligligin ang buong kabansaan. Maging ang propeta'y sumigaw, at nagsabi, "Sa loob ng isang araw ay ginawa mo ito." Sa isang araw mismo, makikita nila Ito. Magkakaroon ng isang dakilang bagay.

123 Ang opinyon ko rito, ito'y isang dakilang propeta na lilitaw at tatayo sa harap ng Israel, at patutunayan sa kanila na ang Mesiyas ay buhay mismo. Na ang Mesiyas na tinanggihan nila noon ay . . .?. . .

124 Kanila ngang binabasa na ang munting Biblia nilang 'yun ngayon, na Bibliang Israel. Ang pagbabasa nila Rito'y mula sa likod papunta sa harap, gaya ng paraan nila ng pagbabasa Rito. At alam n'yo naman kung paano ang pagkakasulat ng wikang Judio. At mangyari nga na nung basahin nila Ito. . . At binasa nila 'yung ipinadala sa kanila ni Lewi Pethrus, na milyong mga Biblia. Sabi nila, "Kung ang Jesus na ito. . . " Yung mga Judio nga 'yun na dinala roon sa Iran noon, at doon nga, ay di nila napapakinggan ang tungkol sa bagay na ito na Mesiyas. At nung handa na silang bumalik sa kanilang sariling lupain, aba, ayaw pa nilang sumakay roon sa mga eroplano. Sige pa rin sila sa pag-aararo gamit ang lumang mga araro. Nabasa n'yo 'yan sa *Look* magasin. Ilan ang nakabasa sa mga artikulo na 'yun sa *Look* at *Times* mag- . . .? Hayan nga, nabasa n'yo. Kita n'yo? Ayaw pa nila sanang sumakay roon. Yung matandang rabi ay tumayo roon at nagsabi, "Alalahanin n'yo, ang propeta natin noon na nagsabi na tayo'y babalik mismo sa sarili nating bayan sa mga pakpak ng isang agila." Hallelujah!

Mga bansa'y nagkakasira, Israel ay nagigising ang diwa,
Mga tanda na inihula ng Biblia;
Mga araw ng Gentil ay bilang na, punung-puno ng pagkabalisa;
"Magbalik na, Oh mga nangalat, magbalik na."

125 Dapat na magising na kayo. Naririnig n'yo na ito nang naririnig, nang naririnig, nang naririnig, pero darating 'yung pinaka huli, isa sa mga araw na ito. Ang Israel ay bumabalik na sa sarili nitong lupain. Yung araw mismo na itinakda ng Diyos na ang Israel ay maging isang bansa, 'yun 'yung araw na wala nang isa pang Gentil na maliligtas.

126 Patutunayan ko 'yan dito sa pitumpung sanlinggo, kung masusumpungan ko ang mga araw na 'yan. Bumabaling nga ako sa. . . para silipin 'yung astronomiyang mga kalendaryo, at—at 'yung Juliano, 'yung astronomiya, at 'yung Romano, at lahat ng mga ito. May ilan pa marahil, sa kung saang dako. May ilan pa. Batid 'yan ng Diyos, at, magagawa Niya—Niya na ihayag ito. Kita n'yo? Alam ko na ang Julianong kalendaryo ay may tatlong daan at animnapu't lima't sangkapat na araw, sa loob ng isang taon. Kaya, oh, napaglabo-labo nila, pero may katotohanan nga, sa kung saanman.

127 Kung papaano nga mismo na nakikita kong napakaraming kaiglesyahan, napakaraming mga organisasyon, napakaraming tao ang kinasanayan *ito*, at may ilan, "Aba ginoong Maria," at 'yung iba ay sinasamba 'yung *ganito*, at *ganoon*, at kung *ano pa*. Mayroon at mayroong isang Katotohanan talaga, sa kung saan. Mayroon at mayroong isang Diyos, sa kung saan. Mayroon at mayroong isang Mensahe, sa kung saan. Kung papaano nga na nakikita ko ang bulaang mga propeta na nagsisilitawan, umaakto na may espirituwal na pagkilala, at kung anu-ano pang lahat na mga bagay na ipinaiiral. Kung ganoon, mayroon at mayroon talagang isang totoo riyan, sa kung saang dako, na pinaggayahan ng mga pekeng ito.

128 Kung papaano nga na nakakakita ako ng mga tao na natatangay sa laman, at sumisigaw, at ginagawa ang mga bagay na ito, at sa paglabas naman ay sari-saring lahat na ng buhay ang ipinamumuhay. Mayroon at mayroon mismong isang tunay na Espiritu Santo riyan, sa kung saan. Kung papaano nga na nakakakita ako ng mga tao na umaaktong relihiyoso, at kung ano pa, at pilit maging banal. Alam ko na mayroon at mayroong tunay na Diyos, sa kung saan. Mayroon at mayroong tunay na Espiritu, sa kung saan, dahil hayan nga ang isang matandang kaipokrituhan na ginaya lang 'yun, isang kung anong peke. Marapat lamang na may tunay talaga: isang tao, isang kalipunan ng mga tao, isang Iglesya, isang Diyos. May bagay talaga na tunay, sa kung saan, dahil dun kinopya ang mga ito. Mayroon at mayroon talagang tunay, sa kung saan.

129 Nabanggit ko na sa iglesya rito, 'yung tungkol sa inyong mga kaloob. Tumalima kayo sa mga kaloob n'yo; siguraduhin n'yong nakaakma parati sa Biblia. Huwag kayong kukuha ng pamalit, samantalang ang himpapawid ay punung-puno naman ng tunay. Ingatan natin ang mga tunay. Tunay nga na panghawakan natin 'yun o kung hindi'y huwag na lang. Amen.

130 Ngayon, ang punto, ay ang katotohanan na ang Diyos ay nakikipag-ugnay lamang sa Israel kung sila'y nasa kanilang sariling lupain. Kunin nga nating halimbawa 'yung noong ang Diyos. . . si Abraham ay umalis noon sa lupain at nagtungo sa Egipto, anong nangyari? Lumakad nga siya palayo mula sa kalooban ng Diyos, at di pinagpala hanggang sa makabalik siya sa lupaing ito. Hindi na nakipag-ugnay sa kanya ang Diyos, ni isang pangitain man, wala nga, hanggang sa makabalik siya sa sariling bayan.

131 Tingnan n'yo po ang Israel nung naroon sila sa Egipto, nang apatnaraang taon. Wala ni isang himala, ni isang tanda, wala nga ni isang bagay na nangyari sa kalagitnaan nila, ni naitala man sa kasaysayan ng Aklat. Siyaring nobenta'y nuwebe, nagpupunta ng simbahan, nag-aalay ng kordero, uusal ng "Aba ginoong Maria," o kung ano man, uuwi. Sa kasunod na taon, ganoon uli. Yung mga saserdote nama'y magdidiskusyunan, "Si Rabi *Ganito-at-ganoon*! Ihahalal natin si Rabi *Ganito-at-ganoon*. May mas mainam kasi siyang narating bilang iskolar. Mas marami siyang nalalaman tungkol sa mga taga-Egipto." Malalaman mo na lang, ang mga taga-Egipto at—at lahat sila'y, pareho na.

132 Ganyan na ganyan ang nangyari sa kaiglesyahan. Nauwi tayong lahat sa pagiging Methodist, o Baptist, o Presbyterian. "Haya't may digri tayo mula sa Hartford! May digri tayo mula sa Wheaton! May digri tayo mula sa kung saan-saan, o Bob Jones! Tayo, may digri tayo ng Batsilyer sa Sining! May D.D., LL.D., o kung anu-ano na tayo!" Sa ano naman ito humantong? Sa isang pumpon nga ng walang kabuluhan.

Ganoon ang pamamaraan noon sa Egipto. At ang Diyos ay di kailanman nakipag-ugnay sa Israel hanggang sa makadako ito sa sariling lupain nito.

133 Pakinggan n'yo ako! GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang Diyos ay hinding-hindi makikipag-ugnay sa Kanyang Iglesya hanggang sa ang Iglesya'y makabalik sa sariling lupain, ang Mensahe ng panahon. Manumbalik kayo sa orihinal! Lumayo kayo mula sa inyong mga Methodist, Baptist, Presbyterian na kaisipan; sa Pentecostal n'yo man, Assemblies, Oneness, Threeness, at Fiveness man, ano man 'yan; church of God, Nazarene, Pilgrim Holiness, church of Christ, lahat ng anticristong kilusan! At hayan nga na nauunawaan ko na tatamaan talaga nito ang sanlibutan. Lahat ay mali; lahat ay sa diyablo. Oh, naku! May mga maka-Diyos na indibiduwal sa bawat isa sa mga kilusan na 'yan. May mga maka-Diyos na tao sa bawat isa sa mga kilusan na 'yan. Pero 'yung organisasyon, mismo, ay hindi sa Diyos, at hinding-hindi 'yan pagpapalain ng Diyos. Hinding-hindi nga Niya ginawa kailanman.

134 Dinidirekta ko sa mga mananalaysay ng kasaysayan (ito nga'y mapapakinggan n'yo sa teyp) na isulat at sabihin sa akin kung mayroon man kailanman, na ang iglesya'y naorganisa, na ang Diyos ay hindi ba't isinantabi ito sa istante't hindi na nakipag-ugnay pa rito kailanman. Sabihin n'yo nga sa akin kung ibinangon Niya kailanman ang Lutheran uli, ang Wesley at mga Methodist, o Pentecostal man. Hindi na kailanman! Yung organisasyon na 'yun ay naiwang nakalapag na lang dun, at butas-butas at nabubulok na! Ang ginawa ng Diyos ay humango ng mga indibiduwal at sinikap na ituro ang mga tao pabalik sa sariling lupang tahanan. At pagkatapos, ang mga indibiduwal na ito'y naging napakarupok at nagpalambot-lambot, dahil sa kung anong digri, na anupa't nag-organisa sila ng isa na namang organisasyon, ibinunsod ito na dumoble pang lalo na maging anak ng impyerno kaysa nung una.

135 Pero, sa kung saang dako, tunay, si Jehovah ay may isang tao na mailalagay Niya ang Kanyang mga kamay sa taong ito, na ito'y di makikipagkompromiso sa kanila na mga . . .-Diyos, lapastangan sa Diyos na organisasyon; bagkus pababalingin ang mga tao pabalik sa Bato, kay Cristo Jesus, pabalik mismo sa orihinal na pentecostes at orihinal na Espiritu Santo, taglay ang orihinal na mga tanda't orihinal na mga kababalaghan. Tunay na Siya'y mayroong isa, sa kung saan, na hinding-hindi panghihinaan sa ilalim man ng anumang uri ng pag-uusig, na tatakbo, uurong na lang, mahuhulog, o kung ano pa; bagkus mananatili.

Hindi kailanman pinagpala ng Diyos ang Israel hanggang sa makarating ito sa sarili nitong bayan.

136 Hinding-hindi kayo pagpapalain ng Diyos, isang Methodist, Baptist, Presbyterian, Katoliko, o Pilgrim Holiness, Nazarene, church of Christ, o—o Pentecostal man na organisasyon. Hindi Niya kayo pagpapalain kailanman sa ganyang paraan. Bumalik kayo sa tahanang lupain, sa simula, pabalik sa pentecostal na karanasan gaya ng nangyari noon nung Araw ng Pentecostes nung ang Kapangyarihan ng buhay na Diyos ay binago ang libo-libong mga tao roon, at pinag-alab ang kanilang puso sa Apoy ng Diyos, na nagpamalas mismo ng tunay; hindi mga tanda na ginaya-gaya lang, hindi kung anong gawa-gawang pagbabasa ng isip, hindi kung anong imitasyon, at humantong sa mala-bubuwit na karambulan gaya ng mayroon tayo rito sa Amerika. "Sino ang makapagtatayo ng pinakamalaking tolda?" O, "Sino ang makapaghahakot ng pinakamalaking madla?" Ano ngang kinalaman n'yan sa Diyos? Ang nais ng Diyos ay mga tao na tapat ang puso, hindi malalaking bilang na madla. At lahat tayo'y humahantong sa mala-bubuwit na karambulan, nagpapaligsahan. Grabeng kahihiyan, na nababababad ang isip natin sa kung makahahakot ba tayo ng sanlibo pa sa ating organisasyon. Grabeng

kahihiyan. Ang nais Niya'y makapanumbalik tayo sa Katotohanan, makapanumbalik sa Espiritu, makapanumbalik sa tamang Liwanag, makapanumbalik sa daan kay Cristo, makapanumbalik sa Katotohanan. Papaano nga Niya tayo mapagpapala sa daan na tinatahak natin? Hindi nga.

137 Israel man ay hindi Niya pinagpala hanggang sa sila'y makapanumbalik sa lupang pangako. At nung makabalik sila sa lupang pangako, hayan ang mga tanda't mga kababalaghan na nagsimulang mangyari. Nagpadala Siya ng isang lalaki sa kalagitnaan nila, na ang pangalan ay Moises. Ano nga ang paraan ng pagtungo roon ng Moises na ito haya't dala ba ang isang pulidong teolohiya? Nagtungo ba siya roon kamit-kamit ang isang digri sa Batsilyer sa Sining? Nagtungo ba siya roon na may kaakibat na LL.D., Ph.D.? Nagtungo siya roon na ang dala-dala ay ang kapangyarihan ni Jehovah, at dala ang isang mensahe, "Magbalik na, mula sa lupaing ito, pabalik sa sarili nating lupain. Magbalik na, Oh mga nangalat, magbalik na." Amen!

138 Sa loob halos ng dalawang libong taon, ang mga Judio'y nasa labas ng kanilang lupaing sarili, nagkalat mismo sa apat na hangin ng mundo. Mangyari nga na mapapahaba natin ang Mensaheng ito na tumagal nang ilang sanlinggo ngayon, kung tatalakayin natin ito nang mas detalyado. Matutugaygay natin ang Israel sa kasaysayan at ipakikita 'yung panahon na ikinalat sila ng Imperyong Romano, dahil sa kanilang pagtanggi sa Mesiyas; kung papaano nga na ito'y naitaboy papunta sa bawat bansa sa ilalim ng Langit.

Babalikan natin si Jacob, si Israel, doon sa Genesis 44 at 45, at maipapakita roon kung papaanong pinagpala niya ang mga patriyarka't sinabi sa kanila kung saan ang magiging saktong katayuan nila sa huling mga araw. At maituturo ko nga sa inyo nang sakto (ang bawat bansa) ng Israel, bawat lipi ni Israel, kung saan ito mismo nakatayo nang sakto gaya ng kung ano ang pagkakasabi. At heto na tayo ngayon.

139 Yung Judio na alam natin, hindi 'yun 'yung tunay na Judio. Ang tunay na Judio ay 'yung tunay na Orthodox na hindi kailanman dinungisan ang sarili sa mga bagay ng sanlibutan, hindi dumako at umanib sa ibang kaiglesyahan. Yun 'yung mga magbabalik doon, na sa keso at tinapay nabubuhay, sila na nasa gilid ng mga bulubundukin, na di pinahihintulutang pumasok sa lumang siyudad. Na kinailangang magtayo ng pamayanan sa panig na ito, sa lupain na di kayang tirhan ng mga tao, na may dala laging mga machine gun na nakatutok sa magkabilang direksyon. Pero siya nga'y nagsisimula nang bumukadkad. Amen, at amen! Malapit na ang oras.

140 Naroon si Ismael at Isaac, na parehong naroon, nagtatalo tungkol sa lupain, gayong, siya'y pagmamay-ari ng Israel. Kung

kayo po'y bibisita sa bagong Jerusalem, hindi nila kayo basta-basta papapasukin sa lumang Jerusalem. Kinakailangan n'yong may puntahan muna na isang dako at ipapaliwanag nila ang lahat sa iyo, ng mga Arabo, pagkatapos dadalhin ka nila sa kabilang panig. Yun nga'y mga anak ni Ismael. Pero, sandali lang, may panahon nga na darating na kukunin na 'yun ng mga anak ng Diyos. Ganoon nga. Itatayo muli ang Jerusalem. Ang araw-araw na paghahandog ay pasisimulan.

At ang anticristo'y makikipagtipan sa kanila roon sa huling pitong sanlinggo. At sa kalagitnaan nun, babaliin nito ang tipan nito, ibabaling silang lahat sa Katolisismo. Ang kasuklam-suklam ay lalaganap mismo sa kabuoang 'yun, nang gaya na lang nun, at pagkatapos ay darating ang wakas.

141 Masdan, "pitumpung sanlinggo." Haya't, magdadalawang libong taon na nang mailayo sila; pinagtabuyan sila, ang kanila ngang lipi; katulad na lang nung patigasin ang puso ni Faraon noon, Kanya ring pinatigas ang puso ni Hitler. Milyun-milyon sa kanila ang namatay mismo. Tingnan n'yo itong si Eichmann, pumatay mismo ng anim na milyong mga Judio. Anim na milyon, na mga kaluluwa ng tao, mga sanggol, mga bata, mga matatanda, lahat ay pinagpapatay; ni Eichmann, isang tao. Tingnan n'yo ang Rusya, kung papaanong itinaboy n'yo sila palabas dun. Pinagtabuyan nila ang mga taong 'yun sa lahat ng dako. Sila'y naging isang itinatakwil na bansa.

142 Pero dahil sa katakawan ng mga 'yun sa salapi ng bansang ito, nagbalik sila. Pero 'yung munting kakaunting bilang na 'yun ay babalik sa Palestina. Amen, mga kapatid! Kapag nakita n'yo na siya na bumabalik na sa kanyang sariling bayan!

143 Sila'y umaabot na mismo ngayon ng sandaan at apatnapu't apat na libo. At ano nang mangyayari? Makikilala nila ang kanilang Joseph. Huwag kayong mag-alala. Siyanga, po. At sila'y tatayo roon na hinihintay 'yun na mangyari. At 'yung mismong oras na . . .

144 Idineklara na sila ng mga nasyon na isang bansa, nitong nakaraang taon lang. Kapag sumapit na 'yun, nalalapit na talaga tayo sa wakas, ang Iglesyang Gentil ay paparam na. Kaya, anumang oras talaga, sasabihin na ng Diyos, "Ang Israel ang Aking bayan." Kapag sumapit na 'yan, tapos na ang mga Gentil.

145 "Yuyurakan nila," sabi ni Jesus, sa Mateo 24. "Ang kasuklam-suklam na maninira, kanilang yuyurakan ang mga pader ng Jerusalem hanggang sa ang dispensasyon ng Gentil ay matapos." Kapag natapos na, ang mga Judio nga'y babalik sa Jerusalem, para itayo't ipanumbalik muli ang templo at ang pagsamba sa templo. Dadakuan natin ang lahat ng 'yan sa susunod na mga Mensahe, sa pitumpung sanlinggo ng anim na luping layunin.

Ngayon babasahin ko po ’yan bago magtapos, dahil halos oras na para umuwi tayo, tapos bumalik kayo mamayang gabi ng alas siyete.

146 Ang una, ang una po, sige po’t kung inililista n’yo, “Upang tapusin ang pagsuway.” Daniel, ika-9 na kabanata, ika-24 na talata. “Upang tapusin ang pagsuway,” una. “Upang wakasan ang pagkakasala,” pangalawa. “Upang gumawa ng pagtutubos para sa kasamaan,” pangatlo. “Upang dalhin ang katuwiran na walang hanggan,” pang-apat. “Upang tatakan ang pangitain at ang propesiya,” pang-lima. “Upang pahiran ang Kabanal-banalan,” pang-anim. At ’yan po ang ipangungusap natin mamayang gabi. Ang Diyos nga’y, bigyan ’yan ng kaganapan!

147 Ngayon sandali lang po, hayaan n’yong ulitin ko uli ito, para makuha n’yo nang maigi. Una, “Tapusin ang pagsuway.” Pangalawa, “Wakasan ang pagkakasala.” Pangatlo, “Gumawa ng pagtutubos para sa kasamaan.” Pang-apat, “Dalhin ang katuwiran na walang hanggan.” Pang-lima, “Tatakan ang pangitain at ang propesiya.” Pang-anim, “Pahiran ang Kabanal-banalan.”

Hayaan n’yong basahin ko ito sa inyo ngayon, mula sa mula sa Biblia. Sa ika-24 na talata po.

> Pitum-. . .*sanglinggo ang ipinasiya sa iyong mga tao* (sa mga Judio) *at sa iyong banal—sa iyong banal na bayan* (Israel, mga Judio, Jerusalem), upang *tapusin*. . . mga pagsalangsang (una),. . .upang *wakasan* ang pagkakasala (pangalawa),. . .upang *gumawa* ng mga pagtutubos *para sa kasamaan* (pangatlo),. . .*upang dalhin ang katuwiran na walang hanggan* (pang-apat), *at upang tatakan ang pangitain* (panglima)—ang *pangitain at ang panghuhula, at upang pahiran ang Kabanalbanalan* (pang-anim).

148 Yan mismo ang ipinunta Niya para sabihin sa kanya, na mga gaganapin, at pagkatapos ay hahantong na sa kawakasan.

149 Ngayon, mamayang gabi kukunin natin kung ano ang mga bagay na ’yan, at titingnan kung gaanong kalapit na tayo roon. At pagkatapos sa susunod na Linggo, paglalakipin at ilalagay ang mga sangkap na ito ng panahon nang eksakto sa kung saan na tayo nakatayo. Iniibig ko talaga Siya.

150 Pagbabalik ng Israel sa kanilang sariling lupain, Israel. Hayaan n’yong sabihin ko lamang ito habang. . .Sa palagay ko’y di pa naisasama sa teyp. Hayaan n’yong sabihin ko po ito. Yung mismong oras na ang Israel ay naging isang bansa. . . Ang dahilan kung bakit ganoon na lang akong naniniwala, sa harap ng tinuturuan ko rito, na may bagay na ako’y naging isang bahagi, bago ako mamatay, patungkol sa pagpapanumbalik ng Israel sa Panginoon. Mangyari nga, na ’yung mismong oras, kung pagbabasehan ang Pan American na tsart, na ang Israel

ay idineklarang isang bansa, sa kauna-unahang pagkakataon sa loob ng dalawang libong taon mula nang mangalat sila, na di na lang isang bayan; 'yun 'yung mismong parehong oras, sakto mismo sa oras, na kinatagpo ako ng Anghel ng Panginoon sa dako roon at isinugo ako sa . . . dala-dala ang Ebanghelyo. Ang siya ring oras na 'yun mismo, ika-7 ng Mayo, 1946.

151 Ngayon, heto nga, isa pang bagay na nagpaalam sa akin nun. Yun nga'y "pagpapanumbalik ng mga puso ng mga anak sa kanilang mga magulang, at mga puso ng magulang sa mga anak," ang Mensahe. Pansinin n'yo, Malakias 4 (hindi 3), 4!

152 Isa pang bagay. Nung si Billy, na aking anak, at ako, si Kapatid na Ern Baxter, ay naroon noon sa biyahe namin patungong Palestina, matapos na makasalamuha namin ang mga Judio kina Kapatid na Arganbright, at nakita nila ang pagtitipon. Nagpadala nga si Lewi Pethrus ng mga Biblia roon. At sabi niya . . . Lumapit 'yung mga Judio, sabi, "Kung mananawagan ka lang sa ilang grupo ng mga tagapanguna sa Israel, ang tinutukoy ko, ay hindi itong mga bagong rabi at kanilang mga sere-seremonya, pero tawagin mismo ang tunay na Israelitang mga tagapanguna na magsama-sama. At nabasa namin itong Bagong Tipan, at nalaman namin na kapag ang Mesiyas ay dumating, sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito, gaya na lang nung babae sa Samaria. Alam namin na sinabi ni Moises na ang Mesiyas ay magiging isang propeta. At kung masasabi mo lamang sa kanila at maipapakita sa kanila, sa pamamagitan ng Kasulatan," na dadakuan natin sa Mensahe para sa mamayang gabi, "na kinailangan nga nilang mabulag at ang mga puso'y maputol, nang sa gayon ang espasyo para sa Gentil ay dumating, na magkaroon naman ng panahon para sa pagpapanumbalik para sa mga Gentil. At ang mga puso nila'y pinatigas kung papaano nga noon nung panahon ni Joseph, at kung ano pa. At hayan nga't tipunin ang mga Judiong 'yun sa isang lugar, at manawagan sa mga kalalakihan mula sa mga nagsidalo, gaya ng ginagawa mo mismo sa mga Gentil dito, sa pamamagitan ng kasi ng Espiritu. Dahil," sabi nga nila, "Kung ang Jesus na ito, kung Siya'y ang Mesiyas, at ang iyong mga salita'y totoo, kung ganoon hindi Siya patay, haya't Siya nga'y nabubuhay. At kung Siya'y nabubuhay, ipinangako Niya na mapaparoon sa Kanyang . . . sa ling- . . . Kanyang lingkod—mga lingkod, Kanyang mga alagad. At kung makikita namin Siya na ipamamalas ang tanda ng propeta, kung ganoon ay maniniwala kami na Siya'y Mesiyas."

Napakasakdal na bagay nga, ganoon mismo. Pagkatapos, anong ibubunsod nun? Maipapanganak nga ang isang bansa sa loob ng isang araw, sa kalagitnaan ng mga tagapanguna. Bawat isa sa kanila'y magsasabi, "Napagkilala namin." Kapag sinabi na 'yan ng rabi, 'yun na 'yun. Isang bansa ang maipapanganak

sa loob ng isang araw. Ang Israel nga'y maipapanganak sa loob ng isang araw.

153 Haya't nasa biyahe ako noon, at nakatayo na ako sa Cairo, Egypt, hawak ko 'yung tiket sa kamay ko, at labing-lima o dalawampung minuto na lang ay tatawag na para umalis. At malapit na noong magtawag. At may nilapitan ako para makita 'yung isang munting piraso ng ebano, isang munting elepante na gawa sa ebano, na may—may gading na pangil. Ipadadala ko 'yun sa isang kaibigan kong doktor, kay Dr. Sam Adair, para magamit na pabigat ng papel. At tinitingnan-tingnan ko 'yun. At May nagsalita sa akin, "Hindi pa ito ang oras. Iwasan mo ang Palestina."

154 Kaya sa isip-isip ko, "Ako lang ito na iniisip 'yun." At dumiretso lang ako.

May nagsalita, "Hindi pa ito ang oras."

155 Tapos lumabas ako ng silungan ng eroplano. Itinangala ko ang ulo ko sa Diyos. Sabi ko, "Diyos, Ikaw ba ito na nagsasalita sa akin?"

156 Sabi, "Hindi pa ito ang oras. Iwasan mo ang Palestina. Hindi pa ito ang oras." Kaya dinala ko 'yung tiket ko at pinapalitan 'yun, at nagtungo ako mula roon papuntang Roma, at bumalik ng Lisbon, sa Portuguese, at mula dun ay pabalik na rito sa Estados Unidos.

157 Hindi pa oras noon. Hindi pa puno ang katampalasan ng mga Gentil, para umabot sa mismong labi ng saro. Pero darating ang araw na aabot na, at ang Diyos ay magpapadala roon ng isa na isang propeta, at patutunayan sa kanila. Nagtitiwala ako na palilitawin siya ng Diyos sa madaling panahon, sino man ito, sadya ngang palilitawin siya sa madaling panahon. Nananampalataya ako na darating 'yan. Yan ang dahilan kaya pinag-aaralan natin ito, na tayo'y nalalapit na talaga.

158 At, tandaan n'yo, 'yung mismong minuto na tatanggapin ng mga Judio si Cristo, wala na ang Iglesyang Gentil. Saka naman bubuhos sa mga Gentil ang mga salot, ang Kapighatian.

159 At—at papaano ngang naituturo ng mga kalalakihan, mga magagaling na mga tagapagturo'y itinuturo nga, at ganoon ang pagtingin sa Bibliang ito, at sasabihin na ang Iglesya'y susuong daw sa panahon na 'yun ng Kapighatian, samantalang wala naman ni isang Kasulatan sa Biblia na sinasabi 'yun! Wala nga ni isa.

160 May lalaki na nagsabi sa akin, di pa katagalan, sabi, "Oh, itinuro ni Kapatid na babaing McPherson na ang Iglesya ay susuong mismo sa Kapighatian, dahil tayo'y magiging mga nagniningning na liwanag sa panahon na 'yan." Ang Israel 'yun kung ganoon, hindi ang mga Gentil.

Nakaalis na ang mga Gentil n'yan, ang Iglesya. Hindi nga sila susuong sa Kapighatian. "Nagbuga ang dragon ng tubig mula sa kanyang bibig," sa ika-17 kabanata, "at nakipagdigma sa nalabi," ang natutulog na birhen. Hindi. . .Haya't nakaalis na ang tunay na Iglesya sa panahong 'yan. Naroon na Siya sa Hapunan ng Kasalan n'yan, sa espasyo ng panahon na 'yan kung saan magaganap ang Hapunan ng Kasalan, ang huling sanlinggo. At sa panahon na 'yan iiral ang Kapighatian, na ang mga balang at pag-uusig ay lulukob sa mga kaiglesyahan, mga bagay na gaya n'yan.

Pagkatapos, sa dulo, sa ika-19 na kabanata, heto na Siya na dumarating kasama ang Kanyang Nobyo. Hallelujah! "Hari ng mga hari, at Panginoon ng mga panginoon; na ang damit ay inilubog sa Dugo, at ang mga hukbo ng Langit ay nakasakay sa mga kabayong puti, kasama ng Nobyo na dumarating. Hayan ang Nobya na dumarating, para dumako sa Kanyang puwesto para sa Milenyum. Amen! Oh!

Blessed be the Name, oh, blessed be the Name,
Blessed be the Name of the Lord;
Blessed be the Name, oh, blessed be the Name,
Blessed be the Name of the Lord.

Jesus is the Name, Jesus is the Name,
Jesus is the Name of the Lord;
Jesus is the Name, oh, Jesus is the Name,
Jesus is the Name of the Lord.

Magnify His Name, oh, magnify His Name,
Oh, magnify the Name of the Lord;
Magnify the Name, oh, magnify the Name,
Magnify the Name of the Lord.

161 Papaano n'yo magagawa ito? Ibunsod n'yo na Ito'y maging dakila sa inyong buhay. Mamuhay kayo ng ganoong buhay na masasabi nila, "Hayan ang isang lingkod ni Cristo." Sa ganyan n'yo maitataas ang Pangalan. Sige't tingnan natin. Oh, hindi ba't iniibig n'yo Siya? Oh, grabe! Ang munti pong awit natin ngayon:

Matagal na ang nakalipas sa isang sabsaban,
nababatid ko na ito'y katotohanan,
Isang Sanggol ang isinilang upang iligtas ang
sangkatauhan mula sa kanilang kasalanan.
Nakita Siya ni Juan sa di kalayuan, isang
Cordero magpakailanman,

Ang Cordero ngang 'yun na hawak ang Pitong Tatak na 'yun, tanging Isa sa Langit at lupa man na magagawang kunin 'yun.

In a manger—in a manger long ago, I know it's
really so,
A Babe was born to save men from their sin.

John saw Him on the shore, the Lamb for evermore,
Oh, blessed be the Name of the Lord.

Oh, blessed be the Name, oh, blessed be the Name,
Blessed be the Name of the Lord;
Blessed be the Name, blessed be the Name,
Blessed be the Name of the Lord.

162 Gustung-gusto ko talagang sumamba. Hindi ba't kayo rin? Ngayon, di lang tayo dumadalo sa simbahan para makapakinig lang ng isang pangangaral; siyanga't kalakip na 'yan. Mangyaring dumadalo tayo sa simbahan para sumamba, sumamba sa Espiritu't Katotohanan. Napakinggan n'yo ang Katotohanan, 'yun ang Salita. Kita n'yo? Ngayon, ang pagsamba, ay ang ipahayag ang inyong sarili sa Kanya. Kita n'yo?

*Oh, I Love That Man Of Galilee*, ibigay mo nga sa amin ang tipa n'yan. Siyanga, po. Alam mo ba 'yun, Teddy? Nakalimutan ko lang ngayon. Sige't subukan natin. Subukan natin.

Oh, I love that Man from Galilee, from Galilee,
For He's done so very much for me.
He's forgiven all my sins, placed the Holy Ghost within;
Oh, I love, I love that Man of Galilee.

The publican went to pray in the temple there one day,
He cried, "O Lord, be merciful to me!"
He was forgiven of every sin, and a deep peace placed within;
He said, "Come, see this Man from Galilee."

Oh, I love that Man from Galilee, from Galilee,
For He's done so very much for me.
He's forgiven all my sin, placed the Holy Ghost within.
Oh, I love, I love that Man of Galilee.

The lame was made to walk, the dumb was made to talk,
That power was spoken with love upon the sea.
The blind was made to see, I know it could only be
The power of that Man from Galilee.

Oh, I love that Man from Galilee, from Galilee,
For He's done so very much for me.
He's forgiven all my sin, placed that Holy Ghost within.
Oh, I love, I love that Man from Galilee.

Pakinggan n'yo po itong isang ito:

The woman at the well, He all her sins did tell,
How five husbands she had at that time. (Siya 'yun.)
She was forgiven of every sin, and the deep peace came within;
Then she cried, "Come, see that Man from Galilee!"

Oh, I love that Man from Galilee, from Galilee,
For He's done so very much for me.
He's forgiven all my sin, placed the Holy Ghost within.
Oh, I love, I love that Man from Galilee.

Iniibig ko Siya. Hindi ba't kayo rin? Nang buong puso ko nga! Hindi ba't kayo rin? Hindi ba't kahanga-hanga Siya?

Oh, wonderful, wonderful, Jesus is to me, (Ano Siya?)
Counsellor, the Prince of Peace, the Mighty God is He;
Oh, saving me, keeping me from all sin and shame,
Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

Iyuko lang natin ang mga ulo natin ngayon at bulayin ito.

I once was lost, but now I'm found, I'm free from condemnation, (Mga bansa'y nagkakabaha-bahagi; walang kaso 'yan.)
Jesus gives liberty and a full salvation;
He is saving me, He is keeping me from all sin and shame,
Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

Oh, wonderful, wonderful, Jesus is to me,
Counsellor, the Prince of Peace, Mighty God is He;
Saving me, keeping me from all sin and shame,
Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

Oh, bulayin n'yo 'yun!

I once was lost, now I'm found, I'm free from condemnation,
Jesus gives liberty and a full salvation;
Saving me, (Anong ginagawa Niya?) keeping me from all sin and shame, (Nakapailanlang dun.)
Oh, wonderful is my Redeemer, praise His Name!

Ngayon sabay-sabay na po!

Oh, wonderful, wonderful, Jesus is to me,
Counsellor, the Prince of Peace, Mighty God is He;
Why, saving me, keeping me from all sin and shame,
Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

Oh, how I love Jesus, (Luwalhati!)
Oh, how I love . . .

Labis akong nagagalak na ako'y ligtas! Labis akong nagagalak na ako'y naghihintay para sa Kanyang Pagparito!

Oh, how I love Jesus,
Because He first loved me.

Ngayon itaas natin ang ating mga kamay, kung tunay nga ito sa atin.

I'll never forsake Him,
I'll never forsake Him,
I'll never forsake Him,
Because He first loved me.

163 Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Opo."—Pat.] Kung ganoon ay dapat na mag-ibigan kayo sa isa't isa. Dahil, kung di n'yo maiibig sila na mga nakikita n'yo rito, paano n'yo maiibig Siya na hindi n'yo nakikita? Magkamayan po tayo sa isa't isa, sabihin:

Oh, how I love Jesus,
Oh, how I love Jesus,
Oh, how I love Jesus,
Because He first loved me.

I'll never . . .

Itaas n'yo ang inyong mga kamay sa Kanya ngayon. Hayan nga.

. . . forsake Him,
I'll never forsake Him,
I'll never forsake Him,
Because He first loved me.

164 Isipin n'yo, ipinabatid Niya ang malaking kapahayagan na 'yan sa atin. Hindi ba't iniibig natin Siya? Hindi ba't kahanga-hanga Siya? Ganoon na lamang ang pasasalamat natin sa Panginoong Jesus; na di tayo kailanman tatalikuran. "Narito, Ako'y sumasa inyong palagi, maging hanggang . . ." Kayo ba'y nagagalak sa *Ang Pitumpung Sanlinggo Ni Daniel*? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, hindi ba't iniibig natin Siya? Paano 'yun magagawa?

My faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,
Saviour . . .

Sige't sambahin n'yo lamang Siya, mula sa inyong puso.

Now hear me while I pray,
Take all my sins away,
O let me from this day
Be wholly Thine!

While life's dark maze I tread, (Lahat tayo'y dumaraan diyan.)
And grief around me spread, (Opo, Panginoon.)
Just be Thou my Guide; (Pinapatnubayan Mo ako sa pagsulong, Panginoon!)

Oh, bid darkness turn to day,
Wipe sorrow's fears away,
Nor let me ever stray
From Thee aside.

[Inihihiging ni Kapatid na Branham ang *My Faith Looks Up To Thee*—Pat.]

Strength to my fainting heart,
My zeal inspire;
Bid darkness turn to day,
Wipe all my fears away,
O let me from this day
Be wholly Thine!

165 Oh Jesus, nakikita po namin na nalalapit na kami sa isang bagay. Ipinangusap ito ni Isaias na propeta; ipinangusap ito ni Jeremias. Binalikan 'yun ni Daniel at nakita ang sinabi nila noon. Nagbunsod 'yun na maantig ang puso niya, at kanyang—kanyang itinuon ang kanyang mukha sa direksyon ng Langit. Nag-ayuno siya, nagdamit-sako at mga abo. Inibig niya mismo na tumalima dun, nang sa gayon ay mabalaan niya ang mga tao.

166 Panginoon, nakikita rin po namin sa pamamagitan ng Mga Aklat, gayundin, sa Iyong Aklat, sa Aklat ni Isaias, sa Aklat ni Jeremias, sa Aklat ni Santiago, Juan, Lucas, Marcos, Mateo, sa Aklat ng Apocalipsis, sa lahat ng Iyong mga Aklat, na kami'y malapit na talaga sa wakas. At itinutuon namin ang aming mga mukha sa Langit, sa pananalangin, pagsusumamo, para alamin kung saan na kami nabubuhay, Panginoon. Unti-unti na naming nakikita ang pagbubukang-liwayway. At, Panginoon, kami'y dumudulog po sa Iyo. Ang aming pananampalataya'y nakatuon na sa Iyo ngayon. Isinasantabi ang bawat bigat, bawat sala, bawat munting kawalan ng pananampalataya na maaaring mabitag kami nang madali, kami'y nagtutumulin na ngayon tungo sa hangganan ng dakilang pagtawag, yamang nababatid namin na ang aming panahon ay limitado.

167 Iyo pong pagpalain ang mga taong ito rito, Panginoon. Iniibig Ka nila. Sila'y sa Iyo. Sila'y nagsidalo. Ikaw po ang Siya

mismong naghahayag. Dalangin namin na Iyong ipagkakaloob ang mga bagay na ito sa amin habang naghihintay kami sa Iyo.

168 Iyo pong pagkalooban kami ng magandang hapon ng pag-aaral, Panginoon. Pagkalooban kami ng kaunawaan. Dalhin kami pabalik rito ngayong gabi, nang sariwa. Panginoon, ako po'y pahiran Mo sa hapon na ito, oh, habang pinag-aaralan ko, Panginoon, ang anim na luping dahilan ng pagbisita ni Gabriel. Yamang si Gabriel po'y bumisita't nagbigay ng anim na luping kahulugan, Panginoon, marapat lamang na malaman namin 'yun. Napag-aaralan po namin sa Mga Aklat at nalalaman na nalalapit na talaga kami. Kaya dalangin namin na ihahayag Mo ito sa amin mamayang gabi.

169 Sa susunod na Linggo, Panginoon, Oh Diyos, ilagay Mo po ang mga araw na 'yun doon. Hindi ko alam kung paano, pero madadala Mo nga kami sa takdang oras. Iyo pong ipagkaloob, Ama. Kami'y nakatuon sa Iyo. Iniibig namin ang isa't isa at ang Dugo ni Jesus Cristo, na Anak ng Diyos, na luminis sa amin mula sa lahat ng kasalanan. Kami po'y nakatuon na mismo sa Iyo ngayon. Iyo pong tulungan kami habang hinihintay Ka namin, Ama, sa pamamagitan ni Jesus na aming Panginoon.

*Mga Tagubilin Ni Gabriel Kay Daniel* TAG61-0730M
(Gabriel's Instructions To Daniel)
Serye ng Ang Pitumpung Sanlinggo Ni Daniel

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hulyo 30, 1961 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org